PUBLICATIONS

OF THE

INSTITUTE OF NATIONAL LANGUAGE

VOL. IV JANUARY, 1939 No. 13

ANG ANIM NA PANAHÚNAN NG MGA PANGBADYÁNG TAGALOG

NI

JOSÉ VILLA PANGANIBAN

MANILA
BUREAU OF PRINTING
1939

IBG 415
-
264643

PUBLICATIONS

OF THE

INSTITUTE OF NATIONAL LANGUAGE

Vol. IV — JANUARY, 1939 — No. 13

ANG ANIM NA PANAHÚNAN NG MGA PANGBADYÁNG TAGALOG

NI

JOSÉ VILLA PANGANIBAN

MANILA
BUREAU OF PRINTING
1939

29947

INSTITUTE OF NATIONAL LANGUAGE

JAIME C. DE VEYRA, *Director*
CECILIO LOPEZ, *Secretary and Executive Officer*
FÉLIX S. SALAS RODRÍGUEZ, *Member*
SANTIAGO A. FONACIER, *Member*
CASIMIRO F. PERFECTO, *Member*
ISIDRO ABAD, *Member*
ZOILO HILARIO, *Member*
LOPE K. SANTOS, *Member*
JOSE I. ZULUETA, *Member*

PAGPAPAKILALA

NI

SANTIAGO A. FONACIER

MG̃A KABABAYAN:

Dî pa nalalaunan, pagkatapos na ihayag ng̃ Kagalanggalang na Pangulo ng̃ Pilipinas, Manuel L. Quezon, ang kaniyang Proklama na nagtatadhanà na ang Wikang Tagalog ang magíng saligan ng̃ Wikang Pambansâ dito sa ating Bayan, alinsunod sa mungkahì ng̃ Surian ng̃ Wikang Pambansâ, ay may nagbalità sa akin na mayroon nang naipalimbag na aklat na mapag-aaralan ng̃ Tagalog. Ako ay nagtaká sa bilís ng̃ maykathâ, at tila pa akó'y napahiyâ, sa pagka-kagawad ko ng̃ Surian, dahil sa tila bagá kami'y naunahan sa aming tungkulin. Datapuwâ, tumahimik ako; ng̃uni't noong tila nalilimutlimutan ko na, isáng hapon na naparoon ako sa silíd ng̃ Patnugot ng̃ Surian, na si G. Veyra, ay mayroon akong inabot na isáng binatang batang-batà. Maaliwalas ang pagmumukhâ, malinis at makisig ang bihis, mabini ang mg̃a galáw, buháy ang mg̃a matá, at ang kaniyang noo ay noo ng̃ isáng matalino at maagap sa pag-aaral. Sa sandalíng yaón ay nagisíng ang hang̃ad kong siya ay makilala, dahil sa ang binatang kaharap ko noon ay siya yaóng masasabing "simpático."

Gaya ng̃ nakaugalian na, ay binigyán ako ng̃ aming Patnugot, na si G. Veyra, ng̃ pagkakataón na ipakilala ako sa nasabing binatà. Hindî ko nakuha agád ang kaniyang pang̃alan, ng̃uni't noong masabi ni G. Veyra na ang binatang yaón ay siyang maykathâ ng̃ "Fundamental Tagalog," niyaóng aklat na naibalità sa akin at nagíng dahilán ng̃ aking tila pagkahiyâ, ay lalò pang nagisíng ang aking hang̃ad na makipag-usap sa bagong kakilala. Nagusap kami ng̃ iláng sandalî, at masasabi ko na ang aming salitaan ay napakaigi. Pagkatapos noon, ay hindî ko na siya nakita, at hindî ko na nakatagpong mulî. Ng̃uni't noong isá sa mg̃a araw na nakaraan, ay sinabi sa akin ni Patnugot

Veyra na ako raw ang naatasang magpakilala sa magpanayám n̄gayóng araw na itó. Yayamang hindî maaaring tumanggí, ay gagawín ko ang makakaya na magpakilala sa inyo sa maykathâ n̄gâ n̄g "Fundamental Tagalog." Siyá ay kasalukuyang nagtuturò n̄g Inggles sa Universidad n̄g Santo Tomás. Siya ay sumusulat sa "Graphic" at ibá pang mg̃a páhayagang Inggles. N̄guni't bago siyá nagsulat sa Inggles, ayon sa aking balità, ay bihasá na siyá sa Tagalog, at naglathalà rin namán n̄g mg̃a tulâ sa sariling Wikà. Noong siyá ay bihasá na sa Wikang Inggles, ay lalong nagsumikap siya na magaral n̄g Wikang Tagalog, sa piling n̄g kaniyáng nasirang amá, si abogado at farmaceutico G. Geminiano Pan̄ganiban. Ang kaniyang napag-aralan sa kaniyang ama ay siya niyáng pinuhunan sa paggawâ n̄g kaniyang "Fundamental Tagalog". Mayroon pa siyang ibáng aklat na malapit at handâ nang ipalilimbag, ang pinamagatan niya n̄g "Singhuluganan n̄g mg̃a Salitáng Tagalog". At kung kaming mg̃a tagá Surian n̄g Wikang Pambansâ ang hindî magmamadalî at magpapakasikap, ay nan̄gan̄ganib ako na kami ay mauunahan niya sa pagyarì n̄g isáng Diksionariong Tagalog.

Sa kaniyang panayám na bibigkasín n̄gayón ay ipinan̄gakò niya na ipaliliwanag sa atin ang anim na paraan n̄g "Conjugación" n̄g mg̃a berbong Tagalog. Sa kaniyang aklat na makailan ko nang mabanggit, ang "Fundamental Tagalog," ay gumawâ na siya n̄g ilang mg̃a pan̄gunahíng halimbawà upang patunayan ang kaniyang "teoría." N̄gayón, ako'y dî nagaalinlan̄gan na lalò niyang bubusugín ang ating pananabik na matalós ang magagandang lihim n̄g Wikà ni Balagtas, at dahil sa siya'y tagá Batangan, at tagá Tanawan pa namán, kababayan n̄g mg̃a Mabini, mg̃a Laurel, at ibá pang mg̃a dakilang Pilipino, kayâ nalulubós ang aking pag-asa na boong ningning niyang sasalaysayín ang anim na paraan n̄g "Conjugación" n̄g berbong Tagalog.

Mg̃a kababayan: ating pakinggan ang Guróng José Villa Pan̄ganiban.

PASASALAMAT

MGA ALAGAD NG WIKÀ:

Ang aking pasasalamat sa Lupon ng Wikà at sa kanyang masipag na pangulo ay patong-patong, at ito'y boong taimtim kong sinasabi sapagka't natatantô ko na ang abâ kong sarili ay isa lamáng imbing kawal ng wikà. Sa akin ay walang nakakakilala sa panitikang Tagalog. Hindi ako magtatataká kung sa mga nakikinig ngayon sa akin at sa mga taong hindi dumaló rito ngayon ay may gangganitong tanóng:

"¿Sino si Panganibang iyan na hindi nalaláman nino man kung saan tinubúan ng leeg, at ano ang kanyang kakayanán upang pahintulutang magbigay ng panayám sa ilalim ng pamamahalà ng isang mahalagang kalipunáng katulad ng Lupon ng Wikà?"

Hindi ko sinisísi ang sinomang magtanong ng ganito. Sapagka't ako ang unang unang kumikiláIa sa katotohánang hindi sapat ang aking karunúngan upang mapabilang sa mga nagniningníngang talino ng mga pantas ng wikang dito'y nakapagsalitâ na at magsasalitâ pa.

Namumuhúnan, samakatwid, sa akin ang Lupon ng Wikà ng isang puhunang maaaring mapatúngo sa pangungulúgi, sa kapahamakán. Naririto ang dahilan kung kayâ patong-patong ang aking pasasalamat.

At sa inyo namang nagpakapagod at nagpakaabalang dumaló kahit nalalaman ninyong ang magbibigay ng panayam ay isang taong walang kasaysayan ay boong pakumbaba akong humaharap at nagpapasalamat sa inyong kagandahang loob. Bilang panggamot sa inyong hirap ay tulutan ninyong sabihin ko agad na ang mga isasaad ko rito ngayon ay bunga ng mga pagsasaliksik na sinimulan ng aking amang namatay noon pang taong 1908 at aking sinambot at ipinagpatuloy, dahil sa pagibig sa wika at pagkamahiligin sa gawáng pagsasaliksik, mula noong taong 1919.

J. VILLA PANGANIBAN

ANG ANIM NA PANAHÚNAN NG MGA PANGBADYÁNG TAGALOG [1]

(*The Six Conjugations of the Tagalog Verb*)

I. PAUNANG SALITÂ

Kailan man, sa kasaysayan ng sangdaigdig, kapag ang isang táo ay nagpasok ng isang bagong pagkukurò na hindi naiisipan ng mga pángunahíng marurunong sa loob ng isang bansa, ang pagkukurong ito ay pinagkukulangang tiwalà at hindi agad tinatanggap. Ganito rin ang nangyari noong una kong ipasok sa katagalugan ang aking paniniwalà na ang lahat ng mga pangbadyáng Tagalog ay maaaring panahunín sa anim na paraan lamang, at sa pamamagitan nito ay mawawalâ yaong tinatawag sa Kastilang "*verbo irregular*" at sa Inglés ay "*irregular verb,*" sapagka't sa loob ng anim na panahúnang aking binanggít, ang lahat ng mga pangbadyang Tagalog ay maaaring panahunín.

Ang biglang puna ng isang pantas ng wikà ay ako ay nangangarap. Ang unang tuligsâ ng isang batang manunulat na katulad kong babagong lumalantad sa panitikang Tagalog ay ako ay nahihibang at ako ay mangmang. Ito'y mga maririíng salitâ, subali't hindi ako ang may hawak ng kanilang mga dila at pagkukurò kayâ walâ akong magagawâ kundi ang magtiis. Saan mang dako ang pagpuna at pagtuligsa sa kapwa ay talagang nakasasakit, at ako, sa akin nang pinagdanasang buhay sa panitikan, ay hindi naghihinanakít kanino man. Talagang ganyan ang buhay.

Ang hinihiling ko lamang sa mga nakikinig ngayon at sa mga makakabasa ng panayam na ito pagkatapos ay kanilang suríing mabuti ang aking mga abang paglalahad na dito'y gagawin; isa-isahin ang mga pagkukurong dito'y ilinalantad at pagkatapos ay saka sila pumuná at tumuligsâ. Nahahandâ akong tumugon sa ano mang katanungan kung sakalì at mayroon man.

Bago ko simulan ang tunay kong panayam ay pahintulutan ninyong italâ ko rito ang aking pagkilála sa mga

---

[1] Panayám na binasa sa Bulwagang Villamor noong ika-5 ng Enero, 1939.

akdâ ng mga iba't ibang manunulat na pinagkunan ko ng aking mga pagkukuro.

Unang uná sa lahat ay ang sinulat ng aking yumaong ama na si G. Geminiano Panganiban na pinamagatan niyang *Los Verbos Tagalos en 16 Conjugaciones.* Noong taóng 1912 ay natapos niya ang pagaaral na ito, subali't dahil sa muling pagaaral at pagsusuring ginawâ, ang labing-anim na paraan ng *"conjugación"* ay napaunti niya sa labing dalawá, kaya't sinulat niya ulî ang kanyang aklat at ito'y pinamagatan niyang *Las Doce Conjugaciones del Verbo Tagalo.* Ito ay kanyang natapos noong taóng 1918. Mula sa taóng 1919 ay magkatulong na kami ng aking amang nagaral at nagsurì sa mga panahúnang ito, hanggang sa noong taong 1935, bago suma-kabilang buhay ang mahal kong magulang ay mayroong kaming siyam na paraan ng panahúnan ukol sa lahat ng mga pangbadyang Tagalog. Pagkaraan ng dalawang taón mula nang mamatay ang aking magulang, sa aking pagsusuring ginawâ ay nangyaring ang siyam na iniwanan ng aking ama ay mabawasan ko pa ng dalawa. Samakatwid, noong ilabas ko ang unang paglilimbag sa aking aklat na pinamagatan ko ng *Fundamental Tagalog* ay iniukol ko ang lahat ng mga pangbadyang Tagalog sa pitong panahunan. Pagkalimbag ng aking aklat ay nagkapalad akong magturò ng Tagalog sa isang paring Olandes na babagong dating sa ating bansâ. Siya ay naatasang maging *kura* sa bayan ng San Jose, lalawigan ng Bagong Esiha. Sa loob ng tatlong buwan, ang paring ito ay natutong magsalitâ ng Tagalog, at gayon na lamang ang kanyang katalinuhan na hindi siya nagkasiya sa pagkakatutong magsalita, kundi kanya ring pinagsurì ang itinurô ko sa kanyang pitong panahunan ng pangbadyang Tagalog. Noong buwan ng Septyembre ng taong 1938, ang paring ito ay nagpahatid sa akin ng isang mahabang sulat na doon ay ipinaliwanag sa akin na ang dalawa sa aking pitong paraan ng pagpapanahon sa mga pangbadyang Tagalog ay maaaring pagisahin, samakatwid, ang pito ay nabawasan pa ng isa. At ngayon, ang aking ilalahad sa inyong bilang ay ang anim na panahúnan ng mga pangbadyang Tagalog, salamat sa pagsusurì ng paring aking binanggít.

Subali't hindi lamang ang aking ama at ang paring Olandés ang aking pinagkakautangan ng mahalagang tuklás na

ito tungkol sa panahúnan ng mga Pangbadyáng Tagalog, kundî may mga iba pang dapat kong banggitín dito.

Ang paraan ng pagaaral ng aking ama ay aking sinunod—alalaong baga'y ang pagsulat ng lahat ng panglaping gamit sa pangbadyang Tagalog sa isang munting pilas ng papel na dito ay natititik rin ang paraan ng pagpapanahón ng isang halimbawang pangbadyá. Gaya nito:

"Panglaping MAG. Ugat na SAMA. Magsama, *nagsasama, nagsama, magsasama.*"

Bawat isang pilas ng papel ay may isang panglapì at may isang halimbawà. Maraming pilas ng papel ang aking ginamit. Sinurì ko ang *Diccionario Tagalog-Hispano* ni G. Serrano Laktaw, inisa-isa ko ang mga salitang ugat na naroroon, pati ng mga panglaping doo'y ipinaliliwanag at pinaginútan at pinagtiisan kong isa-isang italâ sa aking mga pilas ng papel. Pinag-aralan ko rin ang *Preliminary Study of the Affixes in Tagalog* ni G. Cecilio Lopez at masusi kong tiniyak na lahat ng mga panglaping bigay ni G. Lopez ay makikita sa aking mga pilas ng papel.

Nang ang lahat ng ito ay nabuô ko na at sa aking akalà ay walâ na akong panglaping maliligwín ay saka ko pinagbukod bukod ang mga pangbadyá ayon sa pagkakawangis ng panahúnan. Ang pagbubukod bukod na ito ay hindi mamakailang ginanáp ng aking yumaóng magulang. Nang siya ay mamatay, ako naman ang nagbukod bukod ayon sa aking sariling pagsusurì. Ang kinalabasan, mga kaibigan, ay ang sinabi ko nang pitong paraan o pitong bukod ng pagpapanahón. Sinasabi kong lahat ng mga pangbadyang Tagalog sapagka't sa warì ko ay nakuha ko nang lahat ang mga maaaring maging panglapi sa mga pangbadyáng Tagalog. Gayon man, ay maaarì ring ako ay magkamalî o magkulang sa aking taláang ginawâ. Ang mga taong masurì ay maaáring makatagpo sa pagkakamaling ito o pagkukulang na ito. Nang aking sulatin ang panayam na ito ay mulî akong nagsurì at tiningnan ko kung mayroong nalilisanang mga panglapì. Mayroon pa po akong nakitang ilan pa. Kung susuríin ko ulî ay marahil ay mayroon pa rin. Subali't humigit-kumulang, sa aking pagaakalà, ang alin mang panglaping hindi nalalakip sa aking taláan ay maaarì ring mapasailalim ng anim na panahúnang aking inihahandog sa inyo ngayon.

Samakatwid, ay apat na katáo ang pinagkakautángan ko ng loob sa aking panayam na ngayon ay babasahin sa inyo:

Una, si G. Geminiano Panganiban, ang aking yumáong magulang;

Ikalawá, ang Kgg. na paring Olandes ng San Jose, Bagong Esiha;

Ikatlo, si G. Cecilio Lopez ng Lupón ng Wikà, at

Ikaapat, si G. Pedro Serrano-Laktaw.

II. MGA BATAYAN

Ang una kong pasiyá sa pagsulat ng panayam na ito ay ang gumamit ng mga katawagáng Kastilà, gaya ng mga salitang *konhugasion, modo indikatibo, modo imperatibo, modo subjuntibo, tiempo presente, tiempo pasado, tiempo puturo,* at iba't iba pa. Subali't nang mulî kong basahin ang unang dahon ng panayam at nadinig ko ang aking sariling tinig ay ako ay nasamaán sa aking pangdinig. Ipinasiya ko ngang gumamit ng mga katawagáng lantay na Tagalog.

Subali't sa paraang ito ay mayroong isang malaking balakid. Ang mga katawagáng sa aking akalà ay tumpak ay maaaring maging lisyâ ayon sa pagkukurò ng iba, gaya na nga ng nangyari sa aming dalawa ni G. Teodoro Gener na hindi kami magkasundô sa salitang panahúnan. Hindi siya naniniwalà sa PANAHÚNAN bilang Tagalog sa "*conjugación*" at hindi ko naman matanggap ang kanyang salitang PAGLILINAY.

Kayâ, ipinamamanhik ko sa mga nakikinig na kung sakalì man at ayaw sila sa aking mga katawagáng gagamitin sa panayam na ito ay sakâ na natin ito pag-usapan sa pamamagitan ng mga pahayagan. Ako ay naniniwalà, at umaasa akong kayo man naman, na sa kayamanan ng wikang Tagalog ay hindi tayo mangangailangang manghirám sa mga wikang banyagà ng mga katawagán. Ang tanging suliranin natin ay ang pagkakasundô sa iisang katawagáng isangkop sa isang kalagayan sa *Panálitaán*, o ayon sa marami, ay *Bálarilà*.

Nais ko ring ipagpauná na ang panayam na ito ay may tanging kinálamán sa paglalahad ng "anim na paraan ng panahúnan ng mga pangbadyang Tagalog," isang katangiang hindi makikita sa alin mang wikà sa boong sinukob,

sapagka't kunin natin ang Kastilà, halimbawà. Ang panahúnan (*konhugasion*) ng mga pangbadyang Kastilà ay may mga "formas regulares" gaya ng mga *ar, er, ir,* ayon sa mga ulirang *Amar, Temer, Partir.* Subali't hindi daan daang pangbadyang Kastila ang may panahúnang kaiba kay sa *Amar, Temer, Partir.* Gayon din sa Inglés. Tinatawag na *regular verbs* yaong nagdudulo ng *"d"* o *"ed"* sa kanilang anyô sa *"past tense"* at *"past participle."* Nguni't marami ding pangbadyang Ingles ang hindi nagdudulo sa ganitong paraan, at upang matutuhan ang mga ito ay kinakailangang sauluhíng isa-isa.

Sa anim na panahúnang inihahandog ko sa katagalugan ang *"irregular"* o kakaibang panahúnan ay hindi makikita. Lahat ng pangbadyáng Tagalog ay maaaring ipailalim sa isa sa anim na panahúnang sinasabi ko. Mayroong mga pangbadyang may dalawang anyô ng panahúnan. Totoo po ito. Subali't ang ikalawang paraan ay isa rin sa anim. Samakatwid, kung ating matutuhan ang anim na paraan ng pagpapanahón, ang lahat ng mga pangbadyang Tagalog ay maaari na nating panahunín. Ang mga paraang ito ay magpapadalî at magpapaalwán sa pagaaral sa wikang Tagalog. Ang isip ng nagaaral ay hindi maguguló sa marami at mahahabang sauluhín.

Makikita ninyo, kung inyong tutuntunin at susundan ng boong paglilimi ang aking gagawing pagpapaliwanag na pinag-aralan ko ang Tagalog na ang aking ginamit na panurì o panukat ay ang katangían ng Tagalog rin at hindi ang mga katangían ng Ingles o ng Kastilà. Ito ay isang bagay na kailangan, sapagka't ang panuring Inglés o Kastilà ay may mga paraang hindi tumpak sa kalagayan ng wikang Tagalog. Ang wikang Tagalog ay may sariling panukat, may sariling katangían, may tiyak na pagpapahayag na ganap na Tagalog at hindi maaaring matagpuán sa katangían ng mga ibang wikà.

At ngayon ay magsimulâ tayo ng pagsusurì.

Unang katanungan: *¿Mayroon bagang "voice" o tinig ang mga pangbadyáng Tagalog?*

Ang suliraning ito ay isang mahalagang bagay na nangangailangan ng masusing pagaaral. Ako ay naniniwalà, pagkatapos ng maláong pagaaral, na bagama't may *tingig* ang mga pangbadyáng Tagalog, ang mga *tingig* ay hindi tiyak na magkatugon sapagka't sa isang *anyong gumaganap* ay mayroong maitutumbas tayong maraming *anyong may*

ginaganapan at mayroon ding mga ibang anyong kahit *gumanap* o *ganapan* ay hindi nagpapahayag.

Sinimulán ni Fr. Blancas de San Jose noong 1832 ang pagbibigay ng "*activa*" at "*pasiva*" sa mga pangbadyáng Tagalog, na ang kanyang ginamit na panurì ay ang mga kalagayan ng mga pangbadyáng Kastilà. Ang "*activa*" ay madalî niyang naipaliwanag, subali't nang sumapit siya sa "*pasiva*" ay gusót-gusót na ang kanyang paliwanag sa kanyang *Arte y Reglas de la Lengua Tagala.*

Ang paring Fray Sebastian de Totanes ay sumapit sa labing-pitong paguurì ng mga pangbadyáng Tagalog at sa bawa't urì ay nagbigay siya ng pagtutugúnan ng "*activa*" at "*pasiva,*" subali't ang kanyang mga anyong "*pasiva*" ay hindi nga anyong tunay na "*pasiva*" kung pagaaralan natin sa wikang Tagalog, at kung susuríin pa rin nating mabuti ay hindi rin mga pangbadyá ang karamihan sa kanyang itinalâ.[2]

Si Constantino Lendoyro ay may mga bahaging tumutulad kay Fray Totanes, at may mga bahaging tila galing sa kanyang sariling pagaaral. Ibinibigay niyang ang "*pasiva*" ng UM ay IN (HIN), ang sa MAG ay PAG. Subali't sa kanyang paliwanag ay masasabi kong lalong malinaw pa ang pagaaral ni Fray Totanes.[3]

Si G. Pedro Serrano-Laktaw man, sa kanyang *Estudios Gramaticales sobre la Lengua Tagalog* ay tumulad rin kay Fray Sebastian de Totanes sa pagbabahagi sa mga pangbadyáng Tagalog sa labing-pitong urì.

Sa kahirapan ng pagpapaliwanag sa *tinig* ng mga pangbadyáng Tagalog, ang paring alemáng si Henry Demond ay nagbigay ng tatlong "*voice*" na tinawag niyang "*active, objective,* at *passive.*" Sa "*active voice*" ay ilinakip niya ang mga pangbadyáng UM, MAG, at MA.[4] Sa "*objective voice*" ay ilinakip niya ang mga pangbadyáng may panglaping IN, AN, at I.[5] At sa "*passive voice*" ay tanging ang panglaping MA lamang ang kanyang isinama.[6]

---

[2] Fray Sebastian Totanes, *Arte de la Lengua Tagala y Manual Tagalog.* Maynila, 1850. Mga dahong 22 hanggang 79.

[3] Constantino Lendoyro, *The Tagalog Language.* Manila, 1902. Mga dahong 83 hanggang 100.

[4] Henry Demond, S.V.D, *Elements of Tagalog Grammar.* Maynila, 1935. Ikalawang pagkalimbag. Dahong 47.

[5] *Ibid.* Dahong 70.

[6] *Ibid.* Dahong 114.

Sa kaguluhang ito, ang katungkulan nating nagsisipag-aral ngayon ay ang magpaliwanag. Sa ganang akin, upang maging madaling mawatásan ang pagaaral sa mga pangbadyáng Tagalog, ang *tingig* ay dapat isailalim ng mga sumusunod na pagkukurò:

Dalawang tingig lamang mayroon ang pangbadyáng Tagalog: *Tingig na gumaganap* at *tingig na may ginaganap.*

Ang pangbadyá ay may *tingig na gumaganap* kung ang panghaliptawag (pronoun) na ginagamit ay ang mga sumusunod na anyo sa una o hulí ng pangbadyá: *ako, ikaw (ka), kita, (tayong dalawa), siya, tayo, kami, kayo, sila.*

Ako ay gumagawâ.	*Gumagawâ ako.*
Ikaw ay nagsusulát.	*Nagsusulát ikaw (ka).*
Kita ay makasasalí.	*Makasasalí kita.*
Siya ay maisasáma.	*Maisasáma siya.*
Tayo ay makapagbabasá.	*Makapagbabasá tayo.*
Kayo ay mapapadulás.	*Mapapadulás kayo.*
Sila ay makapagpapahingá.	*Makapagpapahingá sila.*

Ang pangbadyá ay may *tingig na may ginaganapan* kung ang panghaliptawag na ginagamit sa panahúnan sa unahan ng pangbadyá ay ang mga sumusunod: *aking, iyong, atang, kanitang, kanyang, ating, aming, inyong, kanilang.*

Aking sinúlat ang panayam na ito.
Iyong binabása ang aklat mo.
Atang tinamáan ang ikalawang ganting-palà.
Kanyang hinatúlan ang may sala.
Ating pinupútol ang kahoy.
Aming minamabúti ang ginawâ mo.
Inyong hinihimulmulán ang manok.
Kanilang isasagawâ ang balak.

May *tingig na may ginaganapan* din kung ang mga panghaliptawag na ginagamit sa hulihán ng pangbadyá ay ang mga sumusunod: *ko, mo, ta, nata, niya, natin, namin, ninyo, nila.*

Sinusúlat ko ang panayam na ito.
Binabása ko ang aklat mo.
Tinamáan ta (nata) ang ikalawang ganting-palà.
Hinatúlan niya ang may sala.
Pinupútol natin ang kahoy.
Minamabuti namin ang ginawâ mo.
Hinihimulmulán ninyo ang manok.
Isasagawâ nila ang balak.

Samakatwid, ang *tingig* o "*voice*" ng mga pangbadyáng Tagalog ay maaari nating matalastas sa pamamagitan ng mga panghaliptawag na kasamang ginagamit.

Ikalawang tanong: "*¿Ilan ang panahon ng mga pangbadyang Tagalog?*"

Si G. Mamerto Paglinawan ay nagbigay sa kanyang *Bálarílang Tagalog* na bahagi ng aklat na may pamagat na *Maestro ng Bayan* ng apat na panahon (*tense* o *tiempo*): ang *kasalukuyan*, ang *nakaraan*, ang *nakaraan na*, at ang *haharapín*. Ang panahong *nakaraan na* ay binahagi ng nasabing ginoo sa dalawang hugis, na ang unang hugis ay ginamitan niya ng mga panglaping NAKA at NAKAPA sa panahúnan ng "*ayos panghiwatig*" (indicative mood) ng mga pangbadyang UM, MAG, at MANG. Naririto ang sa UM:

Kasalukuyan: *sumusulat*
Nakaraan: *sumulat.*
Nakaraan na: (*unang hugis*) *nakasulat na*
(*ikalawang hugis*) *sumulat na*
Haharapin: *susulat.*

Subali't sa pangbadyang IN si G. Paglinawan ay nagdagdag ng isa pang panahon, ang panahong *kararaan* na ginamitan niya ng panglaping KA, samantalang ang panahong *nakaraan na* ay binigyan niya ng iisa lamang hugis na hindi na gumagamit ng NAKA at NAKAPA. Naririto ang panahunan ng IN.

Kasalukuyan: *sinusulat.*
Nakaraan: *sinulat.*
Nakaraan na: *sinulat na.*
Kararaan: *kasusulat pa.*
Haharapin: *susulatin.*

(Tingnan ang aklat na aking tinukoy mula sa dahong 78 hanggang sa 92.)

Ang Paring Henry Demond, S.V.D., naman, sa kanyang *Elements of Tagalog Grammar* ay may bahaging pinagkalooban ng limang panahon: "*present, past, future, past perfect, future perfect*" at may bahaging tatatlo lamang ang panahon: "*present, past, future.*" (Tingnan ang mula sa dahong 46 hanggang 114.)

Nguni't tila ang mga manunulat ngayon ay nagkakasundo na tatatlo lamang talagá ang panahon ng pangbadyáng Tagalog sa "*ayos na panghiwatig*" (indicative mood):

kasalukuyan, nakaraan, at *darating.* Ang mga pangbadyáng *maka,* bagama't tumutugon kung pipilitin sa mga "*perfect tenses*" at "*tiempos perfectos*" ng mga wikang banyagang pinagaaralan dito sa ating bansâ ay mga pangbadyáng hiwaláy at malayà na may sariling kahulugan at sariling panahong *kasalukuyan, nakaraan,* at *darating.*

Sa aking pagsusurì ay nayari sa loob ko na tatlo ngâ ang panahon sa *ayos panghiwatig,* isa ang panahon sa ayos *pang-utos* o *pangpakiusap* (imperative) at tatlo naman sa *ayos pangtakdâ* (subjunctive). Subali't ang *ayos pangtakdâ* ay katulad ng *ayos panghiwatig* na ang kaibhan lamang ay ang pagdaragdag ng salitang KUNG sa *pangtakdâ.*

Panghiwatig: *nagdurusa.*
Pangtakda: *kung nagdurusa.*

Ikatlong tanong: "*¿Mayroon bagang KAUSAPÁN* (*person*) *ang mga pangbadyang Tagalog?*

Ang tugon dito ay madalî. Mayroong *kausapán* ayon sa pahayag ng *nangungusap, kinakausap,* at *pinaguusapan,* nguni't sa tatlong *kausapáng* ito ay iisa ang anyo ng pangbadyá, at dahil dito, ang suliranin ng *kausapán* ay nasa *pangtawag* (noun) at panghaliptawag (pronoun) na kakambil ng pangbadyá.

Nangugunsap (first person): *Ako ay nagsasalitâ.*
Kinakausap (second person): *Ikaw ay nagsasalitâ.*
Pinaguusapan (third person): *Siya ay nagsasalitâ.*
Pinaguusapan (third person): *Ang aklat ay nakabukas.*

Sa bawat isang panahon—*kasalukuyan, nakaraan,* at *darating,* ang anyô ng pangbadyá ay hindî nagbabago, at ang tanging may pagbabago ay ang panghaliptawag na kakambil, at ang *kausapán* ay sa panghaliptawag lamang natatantô.

Ikapat na tanong: "*¿Mayroon bagang KAILANÁN* (*number*) *ang mga pangbadyang Tagalog?*

Ang tugon dito ay mayroon din, katulad ng *kausapán.* Subali't ang *kailanán* ng pangbadya ay natatalos lamang sa pamamagitan ng panghaliptawag o pangtawag na kakambil. Ang anyô ng pangbadyá ay hindî nagbabago sa *kailanán* nang *iisa* o *kailanáng* marami.

Iisa: *Ako* (*ikaw, siya*) *ay nagaaral.*
Marami: *Tayo* (*kayo, sila*) *ay nagaaral.*

Gayon man, may mga pangbadyáng sadyang sa *kailanáng marami* lamang ginagamit at walang *kailanáng iisa,* gaya ng mga pangbadyáng may panglaping

Mag—an, magtulakán
Makapag—an, makapagsigáwan
Manga, mangalantá
Mangag, mangag-áral
Mangag—an, mangagluksúhan
Maghi—an, maghinanakítan
Magka, magkasama
Magka—an, magkapalítan
Magkapang, magkapangharáp
Magsi, magsihilíng
Magsipag, magsipagsayáw
Magsipagpa, magsipagpabilí
Magsipagpahi, magsipagpahinukó
Magsipag—an, magsipagawítan
Makapag—an, makapaglabanán
Makapaghi—an, makapaghingútuhan
Mangagsi, mangagsidaló
Mangagsipag, mangagsipagbukás
Mangagsipag—an, mangagsipaghigáan
Mangagsipaghi, mangagsipaghigantí
Mangagsipaghi—an, mangagsipaghilamúsan
Mangagsipagpa, mangagsipagpakúha
Mangagsipagpahi, mangagsipagpahimulmól,

at iba't iba. Subali't dapat nating isaaláng-álang na kung ang mga ito ay mayroong mga anyong pang *kailanáng isa,* ang anyo ay hindi rin magbabago.

Sa bahaging ito ng ating pagaaral at pagsusurì ay ilan nang paksâ ang ating tinukoy:

Una: *ang ukol sa panahon* (*tense*).
Ikalawa: *ang ukol sa tingig* (*voice*).
Ikatlo: *ang ukol sa ayos* (*mood*).
Ikapat: *ang ukol sa kausapán* (*person*).
Ikalima: *ang ukol sa kailanán* (*number*).

Kung gagamitin natin ang panuring Inglés o Kastilà, ang lahat na ito ay dapat nating isaaláng-álang sa pagpapanahón ng mga pangbadyá.

Ikalimang tanong: "*¿May kinalamán baga ang panahon, tinig, ayos, kausapán, at kailanán sa pagpapanahon ng mga pangbadyáng Tagalog?*"

Gaya ng aking sinabi na, kung ang pinaguusapan natin ay Inglés at Kastilà, ang tugon ay oo. Subali't kung Ta-

galog ang ating pinaguusapan, ang tugon ay iba't iba at ayon sa kalagayan.

1. May kinalamán ang *panahon* (tense) sapagka't ang anyô ng pangbadyá ay nababago ayon sa tatlong pagiiba ng panahong pahayag.

Kasalukuyan: *sumusúlat, nagmamaktól*
Nakaraan: *sumúlat, nagmaktól*
Darating: *susúlat, magmamaktól.*

2. Walang kinalamán ang *tingig* (voice) sapagka't sa Tagalog ang pagpapanahon ng isang pangbadyá ay naaayon sa unang anyo ng pangbadyá na tinatawag na "*infinitivo*" at hindi sa *tingig*. Ang totoo nito ay may magkakaibáng *tingig* sa pangbadyáng Tagalog na magkatulad sa paraan ng panahunán. Ang katotohanang ito ay inyong makikita kung susuríin ang taláan ng mga panglaping aking ibibigay pagsapit natin sa mga tuntunin ng panahúnan.

3. Ang pagiiba ng anyô ng panahunan ukol sa *ayos* (mood) ay tanging sa *ayos pang-utos* lamang matatagpuán, sapagka't ayon sa atin nang naipaliwánag, ang *ayos panghiwátig* at *ayos pangtakdâ* ay magkatulad. Ang *ayos pang-utos* ay isang paguúlit ng̃ *unang ayos* (infinitivo) at ang kalagayang ito ay totoo para sa lahat ng pangbadyáng Tagalog. Samakatwid ay masasabi nating kakaunti ang kinalaman ng *ayos* sa panahúnan ng mga pangbadyáng Tagalog.

4. Naipamalas na natin sa pagaáral na ito na ang *kausapán* (person) ay hindi naguútos ng ano mang pagbabago sa anyô ng panahunan ng mga pangbadyáng Tagalog. Samakatwid, sa panahúnan, ang *kausapán* ay hindî kaalam.

5. Naipakita na rin natin na ang kailanán ay hindî nagpapabago sa anyô ng panahunan ng mga pangbadyáng Tagalog, samakatwid, ang *kailanán* ay walang kinalaman sa panahúnang Tagalog.

Sa haráp ng pagsusúring ito ay ating mahihinuhà na ang pagpapanahon ng mga pangbadyáng Tagalog ay hindî katulad ng pagpapanahon ng mga pangbadyáng Kastilà o Ingles, sapagka't sa pagpapanahon ng mga pangbadyáng Kastilà o Ingles ay kailangang ibilang at isaaláng-álang ang limang katangíang ating inisa-isa: ang *panahon,* ang *tinig,* ang *ayos,* ang *kausapán,* at ang *kailanán.* Sa Tagalog,

ang panahon lamang ang siyang tunay na may kinalamán sa pagpapanahon, kaya't ang pinilì kong katawagáng katumbas ng "*conjugation*" sa Tagalog ay ang salitang *panahunan*.

III. ANG PANAHUNANG TAGALOG

Upang maging maliwanag ang paglalahad natin ng anim na paraan ng panahúnan ng mga pangbadyáng Tagalog ay babahagínin natin sa tatlong magkakaibáng tumpok ang mga panglaping ginagamit na panghugis sa mga pangbadyá.

Ang unang bahagi ay binubuô ng panglaping UM, maging pangunang-lapi o pangsíngit kayâ.

Ang ikalawang bahagi ay binubuô ng mga panglaping MA, MAG, at MANG at ng kanikanilang mga kamag-anak na panglapì, gaya ng MAKA, MAPA, MASA, at iba pang kaurì ng MA; ng MAGPA, MAGHI, MAGPA, MAGMA, MAGSA, MAGSI, at iba pang kaurì ng MAG; ng MANGA, MANGAG, MANGHI, MANGAGSA, MANGAGSI at iba pang kauri naman ng MANG.

Ang ikatlong bahagi ay binubuô ng mga panglaping AN, I, at IN, at ng mga kamag-anak ng mga ito na pawang uuriin nating nasa ilalim ng mga pangbadyáng IN, sapagka't ang lahat, maging AN o I ay pawang gumagamit ng IN sa kanikanilang paraan ng panahúnan.

A. MGA TUNTUNING SAKLAWAT (GENERAL RULES)

1. Ang *ayos panghiwatig* (indicative mood) lamang ang siyang may mga tuntunin ng panahúnan, at ang *ayos panghiwatig* ay may tatlong *panahon* (tense) lamang: *kasalukuyan, nakaraan,* at *darating.*
2. Ang *ayos pangtakdâ* (subjunctive mood) ay katulad ng *ayos panghiwatig* at *ayos pang-utos* na ang kaibhan lamang ay ang paggamit ng mga salitang KUNG, SANA'Y, at DISIN SANA'Y.
3. Ang pagpapanahon ng *ayos pang-utos* (imperative mood) ay ayon sa *unang ayos* (infinitive) ng pangbadyá. sa ayos pang-utos ay iisa ang *kausapan* (person) sa *kailanáng isa* at dalawa ang *kausapán sa kailnáng marami.*

Sumulat: sumulat ka, sumulat tayo, sumulat kayo.
Magsalita: magsasalitâ, maksalitâ tayo, magsalitâ kayo.

4. Ang panglaping KA—ay ginagamit sa pagpapahayag ng isang pangyayaring babagong nakaraan, at ang anyô ng kagamitang ito ay KA—na sinusundan ng ugat ng pangbadyáng pinagulit ang unang pantig. Bukod sa rito ay dinadagdagan pa ng salitang PA o PA LAMANG.

Datíng: Kararatíng pa. Kararatíng pa lamang.
Sáyaw: Kasasáyaw pa. Kasasáyaw pa lamang.
Bigáy: Kabibigáy pa. Kabibigáy pa lamang.

5. Ang anyô ng pangbadyá sa loob ng isang panahon ay iisa, kahit anong *kausapán* (person) at *kailanán* (number).

6. Kung ang mga panglaping MAG- o MANG- ay ikinakabit sa mga ugat na nagsisimulâ sa mga katinig na B o P, ang G ng MAG at ang NG ng NANG pati ang B o P ng ugat ay pinapalitan ng M.

Mangbató, mamató
Mangpiral, mamíral
Magpunò, mamunò
Magbúko, mamúko.

7. Kung ang panglaping MAG- ay ikinakabit sa mga ugat na nagsisimulâ sa T o S ang G ng MAG pati ang T o S ng ugat ay pinapalitán ng N.

Magtulak, manúlak
Magtaboy, manabóy
Magsirà, manirà
Magtabí, manabí
Magsábi, manábi.

Kung magkaminsan ang D ng ugat ay napapailalim sa tuntuning ito: *magdalangin, manalángin.*

8. Kung ang panglaping MANG- ay iniuuna sa ugat na nagsisimulâ sa katínig na K, ang K ay nawawalâ.

Magkabayo, mangabáyo
Mangkulam, mangúlam
Mangkitî, mangitî
Mangkuha, mangúha.

9. Ang mga panglaping nagdudulo ng HI, kung iúna sa mga ugat na nagsisimulâ sa mga katínig na B o P ay naguutos na palitan ang B o P ng H.

Mahibulbulan, mahimulmulan.
Maghipatay, manghimatay.

Kung ang mga ugat na pinagkakabitan ng panglaping may dulong HI ay nagsisimulâ sa mga katínig na K, S, o T, ang K, S, o T ay pinapalitan ng N.

Maghitingá, maghiningá
Mighisalà, maghinalà
Maghikukó, maghinukó.

10. Ang paguúlit ng mga pantig na may tatlong titik at nagdudulo ng katínig, gaya ng BAK, BUK, PAG, SIM, LAM, at iba pa ay ginaganap sa pamamagitan ng paglilisan sa huling katinig.

buk—bubuk
sak—sasak
pag—papag
sim—sisim
lam—lalam
kang—kakang.

B. ANG MGA PANGBADYÁNG "UM"

1. Ang mga pangbadyang UM ay may dalawang urí ng kayarián:

(*a*) Ang paggamit ng UM—na pang-unang-lapi sa ugat na nagsisimula sa tinig:

asa—UMása
ulap—UMúlap
inom—UMinóm.

(*b*) Ang paggamit ng UM—na pang-gitnang-lapi o pang-singit sa pagítan ng unang katínig at kasunod na tinig ng ugat:

sulat—sUMúlat
kilos—kUMílos
sigaw—sUMigáw.

2. Ang panahúnan ng pangbadyang UM sa *ayos panghiwatig* ay ginaganap sa pamamagitan ng mga sumusunod na tuntunin, ayon sa *panahong* kinauukulan:

PANAHONG KASALUKUYAN: Kung ang pangbadyá ay nagsisimulâ sa UM, katulad ng *umasa, umibig, umubó, umilag,* agn titik na tinig (vowel) na sumusunod sa UM ay dapat pagdalawahín:

Umasa—umaása
Umibig—umiíbig
Umubo—umuubó
Umilag—umiílag.

Kung ang pangbadyang UM ay nagsisimulâ sa *katinig* (consonant) katulad ng *sumúlat, tumígil, lumabás, kumáin,*

ay gamitin ang unang dalawang pantig ng mga ito at pasundán ng boong ugat ng pangbadyá.

Súlat—sumúlat—sumusúlat
tígil—tumígil—tumitígil
labás—lumabás—lumalabás
káin—kumáin—kumakáin.

PANAHONG NAKARAAN: Ang lahat ng pangbadyang UM, nagsisimulâ man sa UM o hindî, ay gumagamit ng unang anyô o ayos (infinitive) sa panahong nakaraan.

Umasa—Umása
Umibig—Umíbig
Sumúlat—Sumúlat
Tumígil—Tumígil.

PANAHONG DARATING: Nagsisimulâ man sa UM o hindi ang pangbadyá, ang anyô nito sa panahong darating ay tanging ang ugat na ang unang pantig ay pinag-úlit. Ang UM ay hindî na ginagamit.

Umása—ása—aása
umíbig—íbig—iíbig
Sumulat—súlat—susúlat
tumígil—tígil—titígil.

3. Ang ginagamit na mga panghaliptawag na kakambil ng mga pangbadyáng UM ay ang ukol sa *tingig na gumaganap.*

Sa unahan ay kasama ng AY ang mga sumusunod:

Ako *Ikaw* *Kita* *Siya* *Kami* *Tayo* *Kayo* *Sila*	*ay*	*sumisigáw* *sumigáw* *sisigáw*

Sa hulihán ay walang AY at ang mga panghaliptawag na ginagamit ay ang mga sumusunod:

Tumatáwa *Tumáwa* *Tatáwa*	*ako* *ikaw* (*ka*) *kita* *siya* *kami* *tayo* *kayo* *sila*

C. Ang mga Pangbadyang MA, MAG, MANG

Ang bahaging ito ng mga pangbadyáng Tagalog ay tinatawag na MA, MAG, MANG, sapagka't ang mga panglaping saklaw ng mga tuntunin ng panahúnan ay pawang tungód sa, at kaurì ng̃, tatlong panglaping *MA*—, *MAG*—, at *MANG*—.

Kaurì, halimbawà, ng *MA*—ang mga panglaping *ma—an, mai—, maipa—, maka—, makapag—, makapag— an, makapag—, makapang—, maki—, mahi—, mapa—, mapasa—,* at iba pa.

Kaurì ng MAG— ang mga panglaping *mag—an, maghi—, magka—, magpa—, magpahi—, magpaka—, magpati—, magsa—, magsi— magsipag—, magma—, mag—um,* at iba pa.

Kaurì ng MANG—ang mga panglaping *manga—, mangag—, mangag—an, mangagsi—,* at iba pa.

Ang lahat ng mga ito ay magkakalahok sa ilalim ng mga tuntunin ng mga panahúnan ng MA, MAG, MANG at di maaaring paghiwalayán dahil sa pagtutulad ng mga paraan ng pagpapanahon. Ito ang katwiran kung kayâ tinatawag na MA, MAG, MANG ang mga pangbadyáng saklaw ng bahaging ito.

Ang mga pangbadyáng MA, MAG, MANG ay may tatlong *panahúnan* na upang mapagibáibá ay ngangalanan nating *Una, Ikalawa,* at *Ikatlong Panahúnan.* Ang bawa't isang *panahúnang* ito ay may kanikanyang taláan ng mga panglapì, at ang lahat ng panglapì sa ilalim ng bawa't *panahúnan* ay nagkakatulad kung *panahunín*.

Unang Panahúnan ng MA, MAG, MANG

1. Ang mga panglaping natutungód at nalalakip sa ilalim ng mga tuntunin ng unang panahúnan ng mga pangbadyáng MA, MAG, MANG ay ang mga sumusunod:

(1) *Ma—, mabúhay, matísod.*
(2) *Ma—an; ma—han, matamáan, maguluhán.*
(3) *Mag-, magsulát, magsumbóng.*
(4) *Mag—an; mag—han, magawítan, magluksúhan.*
(5) *Mai-, maikuhá, maipások.*
(6) *Maipa-, maipagawâ, maipalínis.*
(7) *Maipag-, maipagsáma, maipagbílin.*
(8) *Maka-, makasigáw, makaratíng.*
(9) *Makapag-, makapagbuhól, makapagbasá.*

(10) *Makapag—an; makapag—han, makapagsulatán, makapagtuksúhan.*
(11) *Makapang-, makapangharang, makapangdayà.*
(12) *Mapa-, mapadulás, mapaliwánag.*
(13) *Mapa—an; mapa—han, mapailáwan, mapatungúhan.*
(14) *Mang-, mangdambóng, mangharang.*
(15) *Manga-, mangasirà, mangalantá.*
(16) *Mangag-, mangaglámay, mangagdasál.*
(17) *Mangag—an; mangag—han, mangagdatíngan, mangagdalúhan.*

2. Ang unang panahúnan ng mga pangbadyáng MA, MAG, MANG sa *ayos panghiwatig* ay ginaganap sa pamamagitan ng mga sumusunod na tuntunin, ayon sa *panahong kinauukulan:*

PANAHONG KASALUKUYAN: Gawing N ang M ng unang ayos ng pangbadyá (infinitive) at pagdadalawahín o pagulítin ang unang pantig ng ugat na kakabit ng panglapì.

Mabuhay—nabubúhay
Matamaan—natatamáan
Magsulat—nagsusulát
Magawitan—nagaawítan
Maikuha—naikukúha
Maipagawa—naipagagawâ
Maipagsama—naipagsasáma
Makasigaw—nakasisigáw
Makapagbuhol—nakapagbubuhól
Makapagsulatán—nakapagsusulatán
Makapangharang—nakapanghaharang
Mapadulás—napadudulás
Mapailawan—napaiiláwan
Mangdambong—nangdadambóng
Mangasirà—nangasisirà
Mangaglamay—nangaglalámay
Mangagdatingan—nangagdadatíngan.

PANAHON NAKARAAN: Gawing N and M ng unang ayos ng pangbadyá.

Mabúhay—nabuhay
Matamáan—natamáan
Magsulát—nagsulát
Magawítan—nagawítan
Maikúha—naikúha
Maipagawâ—naipagawâ
Maipagsáma—naipagsáma
Makasigáw—nakasigáw
Makapagbuhól—nakapagbuhól
Makapagsulatán—nakapagsulatán

Makapangharang—nakapangharang
Mapadulás—napadulás
Mapailáwan—napailáwan
Mangdambóng—nangdambóng
Mangasirà—nangasirà
Mangaglámay—nangaglámay
Mangagdatíngan—nangagdatíngan.

PANAHONG DARATING: Pagdalawahín ang unang pantig ng ugat na kakabit ng panglapì.

Mabúhay—mabubúhay
Matamáan—matatamáan
Magsulát—magsusulát
Magawítan—magaawítan
Maikúha—maikukúha
Maipagawâ—maipagagawâ
Maipagsáma—maipagsasáma
Makasigáw—makasisigáw
Makapagbuhól—makapagbubuhól
Makapagsulatán—makapagsusulatán
Makapangharang—makapanghaharang
Mapadulás—mapadudulás
Mapailáwan—mapaiiláwan
Mangdambóng—mangdadambóng
Mangasirà—mangasisirà
Mangaglámay—mangaglalámay
Mangagdatingan—nangagdadatíngan.

3. Sa mga panglaping kalakip sa taláan ng mga panglaping tungód sa unang panahúnang ito ng mga pangbadyáng MA, MAG, MANG ay may ilang panglaping maaaring ihanáy sa ibang panahúnan sa dahilang maaarì rin silang panahunín sa ibang paraan.

(*a*) Ang mga panglaping *maka, makapag, makapag—an, makapag—han, makapang, mapa, mapa—an,* at *mapa—han* ay may ibang paraan ng pagpapanahon, bukod sa unang panahúnan, na sakláw ng *ikalawang panahúnan* ng mga pangbadyáng MA, MAG, MANG.

Makasigáw:
(1) *nakasisigáw, nakasigáw, makasisigáw.*
(2) *nakakasigáw, nakasigáw, makakasigáw.*

Makapagbuhól:
(1) *nakapagbubuhól, nakapagbuhól, makapagbubuhól.*
(2) *nakakapagbuhól, nakapagbuhól, makakapagbuhól.*

Makapagsulatán:
(1) *nakapagsusulatán, nakapagsulatán, makapagsusulatán.*

(2) *nakakapagsulatán, nakapagsulatán, makakapagsulatán.*

Makapanghárang:

(1) *nakapanghahárang, nakapanghárang, makapanghahárang.*
(2) *nakakapanghárang, nakapanghárang, makakapanghárang.*

Mapadulás:

(1) *napadudulás, napadulás, mapadudulás.*
(2) *napapadulás, napadulás, mapapadulás.*

Mapailáwan:

(1) *napaiiláwan, napailáwan, mapaiiláwan.*
(2) *napapailáwan, napailáwan, mapapailáwan.*

(*b*) Ang mga panglaping *maipa* at *maipag* ay may ibang paraan ng pagpapanahon, bukod sa unang panahunan, na saklaw ng mga tuntunin ng *ikatlong panahúnan* ng mga pangbadyáng MA, MAG, MANG.

Maipagawâ:

(1) *naipagagawâ, naipagawâ, maipagagawâ.*
(3) *naipapagawâ, naipagawâ, maipapagawâ.*

Maipagsáma:

(1) *naipagsasáma, naipagsáma, maipagsasáma.*
(3) *naipapagsáma, naipagsáma, maipapagsáma.*

4. Maliban sa mga pangbadyáng may dalang panglaping *ma, ma—an,* at *ma—han,* ang lahat ng ibang pangbadyáng sakop ng unang panahúnan ng MA, MAG, MANG ay pawang may *tingig na gumaganap.* Tanging ang mga may panglaping *um, ma—an,* at *ma—han* ang may *tingig na may ginaganapan.*

5. Ang mga pangbadyáng may dalang panglaping *mag—an, mag—han, makapag—an, makapag—han, manga, mangag, mangag—han,* at *mangag—an* ay pawang walang *kailanáng isa* at tanging sa *kailanáng marami* lamang ginagamit.

Ikalawang Panahúnan ng MA, MAG, MANG

1. Ang mga panglaping natutungód at nalalakip sa ilalim ng mga tuntunin ng ikalawang panahúnan ng mga pangbadyáng MA, MAG, MANG ay ang mga sumusunod:

(1) *Maghi-, maghiwaláy, maghimulmol.*
(2) *Maghi—an; maghi—han, maghigantíhan, maghimagsíkan.*
(3) *Magka-, magkaguló, magkapílak.*

(4) *Magka—an; magka—han; magka—nan, magkatulakán, magkatawánan.*
(5) *Magkapang-, magkapangharáp, magkapangdálî.*
(6) *Magkapa-, magkapamúok, magkapanabáy.*
(7) *Magma-, magmatapáng, magmabúti.*
(8) *Magmaka-, magmakaamò, magmakabáyan.*
(9) *Magpa-, magpagawâ, magpatawá.*
(10) *Magpaka-, magpakasirà, magpakabúti.*
(11) *Magpakum-, magpakumbabâ,*
(12) *Magpahi-, magpahimakás, magpahinukó.*
(13) *Magpahi—an; magpahi—han, magpáhimakásan, magpáhingutúhan.*
(14) *Magpati-, magpatiwakál, magpatibúlos.*
(15) *Magsa-, magsapagóng, magsabatà.*
(16) *Magsi-, magsitúngo, magsidatíng.*
(17) *Magsipag-, magsipaglínis, magsipagtabás.*
(18) *Magsipagpa-, magsipagpalabás, magsipagpabílin.*
(19) *Magsipagpahi-, magsipagpahimutók, magsipagpahimakás.*
(20) *Magsipag—an, magsipaglampasan, magsipagpalítan.*
(21) *Magsipagpa—an, magsipagpaningníngan, magsipagpagandáhan.*
(22) *Magsa—an, magsalukuhán, magsapagúngan.*
(23) *Mag—um; mag—um-, magumiyák, magsumigáw.*
(24) *Mahi-, mahimálay, mahimáling.*
(25) *Mahi—an, mahinagpísan, mahimutúkan.*
(26) *Maka-, makabikíg, makasundót.*
(27) *Makahi-, makahilagpós.*
(28) *Makapag-, makapagsayáw, makapagbukás.*
(29) *Makapag—an, makapagsayawán, makapagsulatán.*
(30) *Makapaghi-, makapaghimutók, makapaghiningá.*
(31) *Makapaghi—an, makapaghimagsíkan, makapaghimakásan.*
(32) *Makapang-, makapangláit, makapang-apí.*
(33) *Makapanghi-, makapanghilakbót, makapanghilurâ.*
(34) *Makapagpa-, makapagpadalá, makapagpaírog.*
(35) *Makapagpaka-, makapagpakadumog, makapagpakalinis.*
(36) *Makapagpakahi-, makapagpakahimátong.*
(37) *Makapagpahi-, makapagpahimalâ, makapagpahilakbót.*
(38) *Maki-, makisáma, makibílin.*
(39) *Makihi-, makihimulmól, makihinukó.*
(40) *Makipag-, makipag-úsap, makipaglináng.*
(41) *Makipag—an, makipagluksúhan, makipagsaksákan.*
(42) *Makipaghi-, makipaghinagpís, makipaghingúto.*
(43) *Makipaghi—an, makipaghimulmúlan, makipaghinukúhan.*
(44) *Mapa-, mapadulás, mapakintáb.*
(45) *Mapa—an, mapatulúngan, mapaligáwan.*
(46) *Mapahi-, mapahimagás, mapahiláhod.*
(47) *Mapapag-, mapapag-áral, mapapag-anyáya.*
(48) *Mapapaghi-, mapapaghilakbót, mapapaghilabó.*

(49) *Mapag—an, mapagtanimán, mapagbuhúsan.*
(50) *Manghi-, manghimások, manghilakbót.*
(51) *Masa-, masa-ilálim, masalóob.*
(52) *Mapasa-, mapasaíyo, mapasaákin.*

2. Ang ikalawang panahúnan ng mga pangbadyang MA, MAG, MANG sa *ayos panghiwatig* ay ginaganap sa pamamagitan ng mga sumusunod na tuntunín, ayon sa panahong kinauukulan.

PANAHONG KASALUKUYAN: Gawing N ang M ng unang ayos ng pangbadyá at pagdalawahín ang ikalawang pantig ng panglapì.

Maghiwaláy—naghihiwaláy
Maghigantíhan—naghihigantíhan
Magkaguló—nagkakaguló
Magkatulakán—nagkakatulakán
Magkapangharáp—nagkakapangharáp
Magkapamúok—nagkakapamúok
Magmatapáng—nagmamatapáng
Magmakaamò—nagmamakaamò
Magpagawâ—nagpapagawâ
Magpakasirà—nagpapakasirà
Magpakumbabâ—nagpapakumbabâ
Magpahimakás—nagpapahimakás
Magpatiwakál—nagpapatiwakál
Magsapagóng—nagsasapagóng
Magsitúngo—nagsisitúngo
Magsipaglínis—nagsisipaglínis
Magsipagpalabás—nagsisipagpalabás
Magsipagpahimakás—nagsisipagpahimakás
Magsipaglampásan—nagsisipaglampásan
Magsalukuhán—nagsasalukuhán
Mag-umiyák—naguumiyák
Mahiwálay—nahihiwálay
Makahilagpós—nakakahilagpós
Makisáma—nakikisáma
Mapadulás—napapadulás
Mapagtanimán—napapagtanimán
Manghimások—nanghihimások
Masa-ilálim—nasasailálim
Mapasaíyo—napapasaíyo.

PANAHONG NAKARAAN: Gawing N ang M ng unang ayos ng pangbadyá.

Maghiwaláy—naghiwaláy
Magkaguló—nagkaguló
Magmatapáng—nagmatapáng
Magpagawâ—nagpagawâ
Magumiyák—nagumiyák

Mahimálay—nahimálay
Makabikíg—nakabikíg
Makisáma—nakisáma
Mapadulás—napadulás
Mapagtanimán—napagtanimán
Manghimások—nanghimások
Masailálim—nasailálim
Mapasaíyo—napasaíyo.

PANAHONG DARATING: Pagdalawahín ang ikalawang pantig ng panglapì.

Maghiwaláy—maghihiwaláy
Maghigantíhan—maghihigantíhan
Magkaguló—magkakaguló
Magmatapáng—magmamatapáng
Magpakasirà—magpapakasirà
Magsapagóng—magsasapagóng
Magsidatíng—magsisidatíng
Magumiyák—maguumiyák
Mahiwálay—mahihiwálay
Makabikíg—makakabikíg
Makisáma—makikisáma
Mapadulás—mapapadulás
Manghimások—manghihimások
Masailálim—masasailálim
Mapasaíyo—mapapasaíyo.

3. Sa mga panglaping kalakip sa taláang mga panglaping tungód sa ikalawang panahúnang ito ng mga pangbadyáng MA, MAG, MANG ay may ilang panglaping may ibang paraan ng pagpapanahon.

(*a*) Tingnan ang ukol sa mga panglaping *maka, makapag, makapag—an, makapag—han, makapang, mapa, mapa—an,* at *mapa—han* sa mga tuntunin ng *unang panahúnan* ng MA, MAG, MANG.

(*b*) Ang mga pangbadyáng may panglaping *makahi, makapaghi, makapaghi—an, makapanghi, makapagpa,* at *mapahi,* ay maaaring panahuníng ang hulíng pantig ng pang-unang-lapì ang siyang pinagdadalawá.

Makahilamos—nakahihilamos, nakahilamos, makahihilamos.
Makapaghimutók—nakapaghihimutók, nakapaghimutók, makapaghihimutók.
Makapaghimagsíkan—nakapaghihimagsíkan, nakapaghimagsíkan, nakapaghihimagsíkan.
Makapanghilakbót—nakapanghihilakbót, nakapanghilakbót, makapanghihilakbót.
Makapagpakain—nakapagpapakain, nakapagpakain, makapagpapakain.
Mapahimágas—napahihimágas, napahimágas, mapahihimágas.

4. Ang lahat ng mga pangbadyáng saklaw ng talaan ng mga panglaping tungód sa ikalawang panahúnan ng MA, MAG, MANG ay pawang may *tingig na gumaganap.*

5. Ang mga pangbadyáng ginagamitan ng mga panglaping *maghi—an, magka—an, magkapang, nagkapa, magsi, magsipag, magsipagpa, magsipagpahi, magsipag—an, magsipagpa—an, magsa—an, makapag—an* at *makapaghi—an* ay pawang sa kailanáng marami lamang ginagamit.

Ikatlong Panahúnan ng MA, MAG, MANG

1. Ang mga panglaping natutungód at nalalakip sa ilalim ng mga tuntunin ng ikatlong panahúnan ng mga pangbadyáng MA, MAG, MANG ay ang mga sumusunod:

(1) *Mapasa-, mapasaákin, mapasa-Bulakán.*
(2) *Mangagsi-, mangagsisúlat, mangagsitakbó.*
(3) *Mangagsihi-, mangagsihimutók, mangagsihiwálay.*
(4) *Mangagka-, mangagkaguló, mangagkatuwâ.*
(5) *Mangagka—an, mangagkatuwáan, mangagkalipúnan.*
(6) *Mangagsipag-, mangagsipagtútol, mangagsipaglabás.*
(7) *Mangagsipaghi-, mangagsipaghimulmól, mangagsipaghimaymáy.*
(8) *Mangagsipagka-, mangagsipagkaingáy, mangagsipagkatípon.*
(9) *Mangagsipag—an, mangagsipagsayáwan, mangagsipagluksúhan.*
(10) *Mangagsipaghi—an, mangagsipaghimagsíkan, mangagsipaghimutúkan.*
(11) *Mangagsipagpa-, mangagsipagpakúha, mangagsipagpabilí.*
(12) *Mangagsipagpaka-, mangagsipagpakabúti, mangagsipagpakadalísay.*
(13) *Mangagsipagpahi-, mangagsipagpahiwaláy, mangagsipagpahingúto.*
(14) *Mangagsipagpati-, mangagsipagpatibúhat, mangagsipagpatibúlos.*

2. Ang ikatlong panahúnan ng mga panbadyáng MA, MAG, MANG sa *ayos panghiwátig* ay ginaganáp sa pamamagítan ng mga sumusunod na tuntunín, ayon sa panahong kinauukúlan.

PANAHONG KASALUKUYAN: Palitán ng N ang M ng unang ayos ng pangbadyá at pagdalawahín ang ikatlong pantig ng panglapì.

Mapasa-Bulakán—napasasa-Bulakán.
Mangagsisúlat—nangagsisisúlat.
Mangagsihiwálay—nangagsisihiwálay.

Mangagsipagsayáwan—nangagsisipagsayáwan.
Mangagsipagpakabúti—nangagsisipagpakabúti.
Mangagsipagpatibúlos—nangagsisipagpatibúlos.

Panahong Nakaraan: Palitan ng N ang M ng unang ayos ng pangbadyá.

Mapasa-Bulakán—napasa-Bulakán.
Mangagsisúlat—nangagsisúlat.
Mangagsihiwálay—nangagsihiwálay.
Mangagsipagsayáwan—nangagsipagsayáwan.
Mangagsipagpakabúti—nangagsipagpakabúti.
Mangagsipagpatibúlos—nangagsipagpatibúlos.

Panahong Darating: Pagdalawahín ang ikatlong pantig ng panglapì.

Mapasa-Bulakán—mapasasa-Bulakán.
Mangagsisúlat—mangagsisisúlat.
Mangagsihiwálay—mangagsisihiwálay.
Mangagsipagsayáwan—mangagsisipagsayáwan.
Mangagsipagpakabúti—mangagsisipagpakabúti.
Mangagsipagpatibúlos—mangagsisipagpatibúlos.

3. Ang lahat ng mga pangbadyáng sakláw ng mga tuntunin ng ikatlong panahúnan ng mga MA, MAG, MANG ayon sa taláan ng mga panglapíng ilináhad sa ilálim nito ay pawang may *tingig na gumaganáp.*

4. Liban sa mga pangbadyáng gumagamit ng panglaping *mapasa*, ang lahat ng ibang natatalâ sa panglaping sakláw ng ikatlong panahúnan ng MA, MAG, MANG ay pawang gamit sa *kailanáng marami* lamang.

D. Ang mga Pangbadyáng "IN"

Ang ikatlong bahaging ito ng mga pangbadyáng Tagalog ay tinatawag na "mga pangbadyáng IN" sa dahilang ang bawa't isang pangbadyáng nasasakláw ng bahaging ito ay gumagamit ng IN maging pang-unang-lapì (*in-*), pang-gitnang-lapì (*-in-*), o pang-dulong-lapì (*-in*).

Ang mga pangbadyáng IN ay mayroong dalawang paraan ng pagpapanahón na ngangalánan nating *Una* at *Ikalawang Panahúnan ng mga Pangbadyáng IN.* Katulad ng mga panahúnan ng mga pangbadyang MA, MAG, MANG, ang bawa't panahúnan ng mga pangbadyáng IN ay may kanikanyang taláan ng mga panglaping sakláw ng sariling tuntunin.

Unang Panahúnan ng IN

1. Ang mga panglaping natutungód at nalalakip sa ilálim ng mga tuntunin ng unang panahúnan ng mga pangbadyáng IN ay ang mga sumusunod:

(1) *-an, hatúlan, sigáwan.*
(2) *hi—an, himulmulán, hinukuhán.*
(3) *i-, ihábol, iabót.*
(4) *-in, pulútin, galítin.*
(5) *ka—an, kalimútan, kagalakán.*
(6) *ka—in, kasamáhin, katulúngin.*
(7) *ma—in, masamaín, mabutíhin.*
(8) *paging—in, paging-dapátin.*
(9) *isa-, isagawâ, isa-Tagálog.*
(10) *ga—in, ganituhín, ganiyanín.*

2. Ang unang panahúnan ng mga pangbadyáng IN sa *ayos panghiwátig* ay ginaganáp sa pamamagitan ng mga sumusunod na tuntunin, ayon sa panahong kinauukúlan.

PANAHONG KASALUKUYAN: Isíngit ang pang-gítnang-laping IN sa pagítan ng unang katínig (consonant) at ng kasunod na tinig (vowel) ng unang ayos (infinitive), at saká idagdag ang boong unang ayos *magmulâ sa unang katínig na nasabi.*

Hatúlan—hINahatúlan.
Himulmulán—hINihimulmulán.
Itamà—itINatamà.
Kalimútan—kINakalimútan.
Isa-Tagalog—isINasa-Tagálog.

Kung ang panglapì ay nagdudulo ng -IN o -HIN, ang dulong ito ay inaalís o linilibanan.

Pulútin—pINupúlot.
Kasamáhin—kINakasáma.
Masamaín—mINamasamâ.
Paging-dapátin—pINapagíng-dapát.
Ganituhín—gINaganitó.

Kung ang pang-unang-laping ginamit ay I- na may kasunód na tinig (gaya ng *iabot, iugóy*) o dî kaya'y isang pantig na nagsisimulâ sa H (gaya ng *ihábol, ihambíng, ihintô*), ang pagsisíngit na binanggit sa itáas ay sa pagítan ng I- at ng tinig o ng H, at ang isisíngit ay NI sa halip na IN, na pinasusundán ng pagdadalawá ng pantig na kasunód (ng tinig o ng pantig na may H).

Iabót—iNIaabót.
Iugóy—iNIuugóy.
Ihábol—iNIhahábol.
Ihambíng—iNIhahambíng.
Ihintô—iNIhihintô.

Gayon man, sa mga pangbadyáng katulad ng *ihábol, ihambíng,* at *ihintô* ay maaaring ilapat ang unang tuntunin. Halimbawà: *ihINahaból, ihINahambíng, ihINihintô*—bagama't ang mga ito ay hindî kasing husay pakinggang katulad ng *inihahábol, inihahambíng,* at *inihihintô.*

PANAHONG NAKARAAN: Isíngit lamang ang IN o NI ayon sa mga tuntuning nasa-ilálim ng panahong kasalukuyan sa unang ayos ng pangbadyá. Alisín din ang pangdúlong -IN.

Hatúlan—hinatúlan.
Himulmulán—hinimulmulán.
Itamà—itinamà.
Kalimútan—kinalimútan.
Isa-Tagálog—isina-Tagálog.
Pulútin—pinúlot.
Kasamáhin—kinasáma.
Masamaín—minasamâ.
Pagíng-dápatin—pinagíng-dápat.
Ganituhín—ginanitó.
Iabót—iniabót.
Iugóy—iniugóy.
Ihábol—inihábol (ihinábol).
Ihambíng—inihambíng (ihinambíng).
Ihintô—inihintô (ihinintô).

PANAHONG DARATING: Pagdalawahín ang unang pantig ng unang ayos ng pangbadyá. Kung ang panglapì ay nagsisimulâ sa I-, ang dapat pagdalawahín ay ang susunod na pantig sa I-. (Ang pangdulong -IN o -HIN ay hindî inaalis sa panahong darating).

Hatúlan—hahatúlan.
Himulmulán—hihimulmulán.
Itamà—itatamà.
Kalimútan—kakalimútan (kalilimútan).
Isa-Tagálog—isasa-Tagálog.
Pulútin—pupulútin.
Kasamáhin—kakasamáhin.
Masamaín—mamasamaín.
Paging-dapátin—papagíng-dapátin (pagíging-dapátin).
Ganituhín—gaganituhín.
Iabót—iaabót.
Iugóy—iuugóy.

Ihábol—ihahábol.
Ihambíng—ihahambíng.
Ihintô—ihihintô.

3. Ang mga may panglaping *ka—an* at *paging—in* ay may ibang paraan ng panahúnan sa panahong darating: ang pagdadalawá sa ikalawang pantig ng unang ayos ng pangbadyá.

Kalimútan—kalilimútan (kakalimútan).
Pagíng-dapátin—pagíging-dapátin (papagíng-dapátin).

4. Ang lahat ng mga pangbadyáng sakláw ng panahúnang ito (unang panahúnan ng IN) ay pawang may *tingig na may ginaganapán.*

Ikalawang Panahúnan ng IN

1. Ang mga panglaping natutungód at nalalakip sa ilálim ng mga tuntunin ng ikalawang panahúnan ng mga pangbadyáng IN ay ang mga sumusunod:

(1) *Ika-, ikabúti, ikabúhay.*
(2) *Ikahi-, ikahimátong, ikahimáling.*
(3) *Ikapa-, ikapahámak, ikapasigáw.*
(4) *Ikapag-, ikapaghúsay, ikapagsákit.*
(5) *Ikapaghi-, ikapaghilurâ, ikapaghimutók.*
(6) *Ikapagka-, ikapagkasundô, ikapagkatagpô.*
(7) *Ikapagpa-, ikapagpabilí, ikapagpakúha.*
(8) *Ikapagpahi-, ikapagpahingúto, ikapagpahinukó.*
(9) *Ikapang-, ikapanglambót, ikapangdíri.*
(10) *Ikapanghi-, ikapanghilakbót, ikapanghilabó.*
(11) *Ipa-, ipagamót, ipasampáy.*
(12) *Ipag-, ipagsama, ipagkalát.*
(13) *Ipag—an, ipagtulákan, ipagsambulátan.*
(14) *Ipaghi-, ipaghimulmól, ipaghigantí.*
(15) *Ipagka-, ipagkapúri, ipagkanulò.*
(16) *Ipagpa-, ipagpalíban, ipagpabúkas.*
(17) *Ipagpaka-, ipagpakabuyó, ipagpakasulóng.*
(18) *Ipagsa-, ipagsabulâ, ipagsawalâ.*
(19) *Ipahi-, ipahinukó, ipahimaymay.*
(20) *Ipaka-, ipakataás, ipakabaón.*
(21) *Ipaki-, ipakidalá, ipakilagáy.*
(22) *Ipakihi-, ipakihilámos, ipakihilabós.*
(23) *Ipakihi—an, ipakihimulmulán, ipakihinukuhán.*
(24) *Ipakipa-, ipakipasúlat, ipakiparinig.*
(25) *Ipakipa—an, ipakipatingnán, ipakipatamáan.*
(26) *Ipakipag-, ipakipaglában, ipakipaghukáy.*
(27) *Ipakipag—an, ipakipagpalítan, ipakipagawáyan.*
(28) *Ipang-, ipanglúnas, ipangbíkas.*

(29) *Ipanghi-, ipanghimágas, ipanghinála.*
(30) *Ipangpa-, ipangpatáan, ipangpamáhid.*
(31) *Pa—an, patamáan, patungúhan.*
(32) *Ka—an, kagalítan, katuwaán.*
(33) *Pahi—an, pahiniksíhan, pahimulmulán.*
(34) *Pa—in, pasigawín, palapátin.*
(35) *Pahi—in, pahimutukin, pahilahurin.*
(36) *Pag—an, pagdamútan, pagtananán.*
(37) *Paghi—an, paghingaluán, paghinaingán.*
(38) *Pag—in, pagdusáhin, paghirápin.*
(39) *Paghi—in, paghiratihín, paghikayátin.*
(40) *Pagka—an, pagkaguluhán, pagkarapaán.*
(41) *Pagkahi—an, pagkahilataan, pagkahilahúran.*
(42) *Pagpaka—an, pagpakaabaláhan, pagpakabuhúsan.*
(43) *Pagpakahi—an, pagpakahimutukán, pagpakahinanakitán.*
(44) *Pagpati—an, pagpatiwakalán, pagpatibuhátan.*
(45) *Pagpati—an, pagpatiwakalín, pagpatibuhatín.*
(46) *Pag-um—an, pag-umiyakán, pag-sumigawán.*
(47) *Paka-, pakalálim, pakataás.*
(48) *Pakahi-, pakahimutók, pakahinaíng.*
(49) *Paka—an, pakagalingán, pakasigawán.*
(50) *Pakahi—an, pakahimutukán, pakahimulmulán.*
(51) *Paka—in, pakabutíhin, pakasamaín.*
(52) *Pakahi—in, pakahilahúrin, pakahikayátin.*
(53) *Pakapa—an, pakapatambakán, pakapatamáan.*
(54) *Pakapahi—an, pakapahinahúnan, pakapahimaktulán.*
(55) *Pakapa—in, pakapalalímin, pakapagandahín.*
(56) *Pakapag—an, pakapagtalúnan, pakapagusápan.*
(57) *Pakapaghi—an, pakapaghinanakitán, pakapaghinaingán.*
(58) *Pakapag—in, pakapaglakarín, pakapaghigaín.*
(59) *Pakapaghi—in, pakapaghiluraín, pakapaghinagpisín.*
(60) *Pakapagka—in, pakapagkaguluhín, pakapagkaináyin.*
(61) *Paki—an, pakitulúngan, pakihandugán.*
(62) *Pakihi—an, pakihilamúsan, pakihimulmulán.*
(63) *Paki—in, pakidamputín, pakipulupútin.*
(64) *Pakihi—in, pakihiniksikín, pakihimaymayín.*
(65) *Pakipa—an, pakipasudán, pakipaabangán.*
(66) *Pakipahi—an, pakipahilabusán, pakipahilamúsan.*
(67) *Pang—an, panggalíngan, panghawákan.*
(68) *Panghi—an, panghilamúsan, panghilabúsan.*
(69) *Pagsa—an, pagsaulían, pagsahayúpan.*
(70) *Pagsa—in, pagsapagungín, pagsahayúpin.*
(71) *Papag—in, papagsayawín, papagtulaín.*
(72) *Papaghi—in, papaghimutukín, papaghilamúsin.*
(73) *Papagka—in, papagkaguluhín, papagkagalitín.*

2. Ang ikalawang panahúnan ng mga pangbadyáng IN sa *ayos panghiwatig* ay ginaganáp sa pamamagítan ng mga sumusunod na tuntunin, ayon sa panahong kinauukúlan:

PANAHONG KASALUKUYAN: Isíngit ang pang-gitnang-laping IN sa pagítan ng unang katínig at kasunod na tinig ng unang anyô ng pangbadyá, at saka pagkadalawahín ang pantig na kasunód nito. Kung ang pang-dulong-lapì ay IN o HIN, ito ay nawawalâ.

Ikabúti—ikinabubúti.
Ikahimáling—ikinahihimáling
Ikapahámak—ikinapapahámak
Ikapaghúsay—ikinapapaghúsay
Ikapaghimutók—ikinapapaghimutók
Ikapagkasundô—ikinapapagkasundô
Ikapagpabilí—ikinapapagpabilí
Ikapanglambót—ikinapapanglambót
Ipagamót—ipinagagamót
Ipagsáma—ipinagsasáma
Ipahinúkó—ipinahihinukó
Ipakabaón—ipinakakabaón
Ipakidalá—ipinakikidalá
Ipanglúnas—ipinanglulúnas
Patungúhan—pinatutungúhan
Kagalítan—kinagagalítan
Pahimulmulán—pinahihimulmulán
Pasigáwin—pinasisigáw
Pagdusáhin—pinagdudúsa
Pagpakaabaláhan—pinagpapakaabaláhan
Pakabutíhin—pinagkakabúti
Pakihandugán—pinakikihandugán
Panghawákan—pinanghahawákan
Pagsaulían—pinagsasaulían
Papagsayawín—pinapapagsayáw.

PANAHONG NAKARAAN: Isíngit ang pang-gítnang-laping IN katulad ng sa tuntunin ng panahong kasalukuyan. Lisanin din ang pangdulong IN.

Ikabuti—ikinabúti
Ikahimaling—ikinahimáling
Ikapahamak—ikinapahámak
Ikapaghusay—ikinapaghúsay
Ikapaghimutok—ikinapaghimutók
Ikapagkasundô—ikinapagkasundô
Ikapagpabilí—ikinapagpabilí
Ikapanglambót—ikinapanglambót
Ipagamót—ipinagamót
Ipagsáma—ipinagsáma
Ipahinukó—ipinahinukó
Ipakabaón—ipinakabaón
Ipanglúnas—ipinanglúnas
Patungúhan—pinatungúhan

Kagalítan—kinagalítan
Pasigawín—pinasigáw
Pagdusáhin—pinagdúsa
Pagsaulían—pinagsaulían
Papagsayawín—pinapagsayáw.

PANAHONG DARATING.—Pagdalawahin ang pantig na pinagdalawá ayon sa tuntunin ng panahong kasalukuyan. Ang pangdulong IN ay hindî dapat alisin sa anyô ng pangbadyá sa ilálim ng panahong ito.

Ikabúti—ikabubúti
Ikahimáling—ikahihimáling
Ikapaghimutók—ikapaghihimutók
Ikapagkasundô—ikapagkakasundô
Ikapanglambót—ikapanglalambót
Ipahinukó—ipahihinukó
Patungúhan—patutungúhan
Kagalítan—kagagalítan
Pakabutíhin—pakakabutíhin
Pakihandugán—pakikihandugán
Panghawákan—panghahawákan
Pagsaulían—pagsasaulían
Papagsayawín—papagsasayawín.

3. Ang mga pangbadyáng saklaw ng mga tuntunin ng ikalawang panahúnan ng IN ay pawang *may tingig na may ginagampanan.*

E. MGA KAKAIBANG ANYÔ NG PANGBADYÁ

Sa unang ayos (infinitive) ng mga pangbadyáng Tagalog ay mayroong mga kakaibáng kayarían. Ang katangíang ito ay maaarì nating bahagínin sa tatlong urì:

(*a*) Ang paguulit ng unang dalawang pantig ng ugat na kakabít ng panglapì (2-*pu*), na kung magkaminsa'y nakakasáma ang pang-unang-lapì; at

(*b*) ang paguulit ng unang pantig lamang ng ugat (*i-pu*), at kung magkaminsa'y nakakasáma ng pang-unang-lapì (*l-phu*), at

(*d*) ang paguulit ng dalawang hulíng pantig ng panglapì (2-*h*).

Ang mga kakaibáng kayaríang ito ay nalalakip sa mga sumusunod na taláan, ayon sa panahúnang kanilang kinauukulan.

(I) *Tanging Panahúnan ng UM*

(1) *UM at 2-pu. Dumungáwdúngaw.*
(2) *Dalawang pangbadyang pinagkabít. Lumubóg-umulpót.*

(II) *Unang Panahúnan ng MA, MAG,* MANG

(1) *Ma- at 2-pu. Matisódtisod.*
(2) *Ma—an at 2-pu. Matamátamáan.*
(3) *Mag- at 1-pu. Magsusulát.*
(4) *Mag- at 2-pu. Maglakádlakád.*
(5) *Mag—an at 2-pu. Magbaháybaháyan.*
(6) *Mai- at 2-pu. Maituláktulák.*
(7) *Maipa- at 2-pu. Maipaliníslinís.*
(8) *Maipag- at 1-pu. Maipagsisigáw.*
(9) *Maipag- at 2-pu. Maipagdaládalá.*
(10) *Maka- at 2-pu. Makasigáwsigáw.*
(11) *Makapag- at 1-pu. Makapagbubulóng.*
(12) *Makapag- at 2-pu. Makapagsayáwsayáw.*
(13) *Makapag—an at 2-pu. Makapagsálisálitáan.*
(14) *Makapang- at 1-pu. Makapangbubulisik.*
(15) *Makapang- at 2-pu. Makapang-gamót-gamót.*
(16) *Mapa- at 2-pu. Mapaliwáliwánag.*
(17) *Mapa—an at 2-pu. Mapaaláalalahánan.*
(18) *Mang- at 1-pu. Mangdidílat.*
(19) *Mang- at 1-phu. Mangdámandaya.*
(20) *Mang- at 2-pu. Mangdayadaya.*
(21) *Manga- at 2-pu. Mangabulókbulók.*
(22) *Mangag- at 1-pu. Mangagtatarúng.*
(23) *Mangag- at 2-pu. Mangagkítakíta.*
(24) *Mangag—an at 2-pu. Mangagdatíngdatíngan.*

(III) *Ikalawang Panahúnan ng MA, MAG, MANG*

(1) *Maghi- at 1-phu. Maghiwáhiwálay.*
(2) *Maghi—an at 1-phu. Maghimahimagsikan.*
(3) *Magka- at 1-phu. Magkagúkaguló.*
(4) *Magka—an at 2-pu. Magkatapattapatan.*
(5) *Magkapang- at 1-phu. Magkapangdápangdáli.*
(6) *Magkapa- at 1-phu. Magkapanápanabáy.*
(7) *Magma- at 1-phu. Magmatámatapáng.*
(8) *Magmaka- at paguulit ng dalawang huling pantig ng pang-unang-lapì (2-h). Magmakamakáamò.*
(9) *Magpa- at 2-phu. Magpagápagawâ.*
(10) *Magpaka- at 2-pu. Magpakasirasirà.*
(11) *Magpakum- at 2-h. Magpakúpakumbabâ.*
(12) *Magpahi- at 2-h. Magpahípahingúto.*
(13) *Magpahi- at 1-phu. Magpahínuhinúko.*
(14) *Magpati- at 2-h. Magpatípatiwakál.*
(15) *Magpati—an at 1-phu. Magpatiwátiwakálan.*
(16) *Magsa- at 1-phu. Magsapásapagóng.*
(17) *Magsa—an at 1-phu. Magsapásapagúngan.*
(18) *Magsipag- at 2-pu. Magsipagliníslinís.*
(19) *Magsipagpa- at 1-phu. Magsipagpagápagawâ.*
(20) *Magsipagpahi- at 2-h. Magsipagpahípahimakás.*
(21) *Magsipag—an at 2-pu. Magsipaglampáslampásan.*

(22) *Magsipagpa—an at 2-pu. Magsipagpagandágandáhan.*
(23) *Mag—um at 1-phu. Mag-umí-umiyák.*
(24) *Mahi- at 1-phu. Mahináhinágap.*
(25) *Mahi—an at 1-phu. Mahimúhimutúkan.*
(26) *Makahi- at 1-phu. Makahiláhilagpós.*
(27) *Makapaghi- at 1-phu. Makapaghiníhiningá.*
(28) *Makapaghi—an at 1-phu. Makapaghimáhimakásan.*
(29) *Makapanghi- at 1-phu. Makapanghilúhilurâ.*
(30) *Makapagpa- at 1-phu. Makapagpadápadalá.*
(31) *Makapagpa- at 2-pu. Makapagpakuhákuhá.*
(32) *Makapagpaka- at 2-pu. Makapagpakadumúgdúmog.*
(33) *Makapagpakahi- at 1-phu. Makapagpakahiláhilahód.*
(34) *Makapagpahi- at 1-phu. Makapagpahimáhimalâ.*
(35) *Maki- at 2-pu. Makitirátirá.*
(36) *Makihi- at 1-phu. Makihinúhinukó.*
(37) *Makipag- at 2-pu. Makipagusápusáp.*
(38) *Makipag—an at 2-pu. Makipagpalítpalítan.*
(39) *Makipaghi- at 1-phu. Makipaghimúhimulmól.*
(40) *Makipaghi—an at 1-phu. Makipaghingúhingutúhan.*
(41) *Mapahi- at 1-phu. Mapahimáhimágas.*
(42) *Mapapag- at 2-pu. Mapapagarál-arál.*
(43) *Mapapaghi- at 1-phu. Mapapaghiláhilámos.*
(44) *Mapag—an at 2-pu. Mapagtanímtanimán.*
(45) *Manghi- at 1-phu. Manghimáhimások.*
(46) *Masa- at 2-pu. Masa-iláilalím.*
(47) *Mapasa- at 2-h. Mapasápasá-Maynilà.*

(IV) *Ikatlong Panahúnan ng MA, MAG, MANG*

(1) *Mangagsi- at 1-pu. Mangagsitatakbó.*
(2) *Mangagsi- at 2-pu. Mangagsi-iyák-iyák.*
(3) *Mangagsi- at 1-phu. Mangagsihiwáhiwaláy.*
(4) *Mangagka- at 1-phu. Mangagkagúkaguló.*
(5) *Mangagka—an at 2-pu. Mangagkalipúnlipúnan.*
(6) *Mnagagsipag- at 2. Mangagsipaglabáslabás.*
(7) *Mangagsipaghi- at 1-phu. Mangagsipaghimúhimulmól.*
(8) *Mangagsipagka- at 1-phu. Mangagsipagkaíkaingáy.*
(9) *Mangagsipag—an at 2-pu. Mangagsipagsulpútsulpútan.*
(10) *Mangagsipaghi—an at 1-phu. Mangagsipaghimúhimutúkan.*
(11) *Mangagsipagpa- at 1-phu. Mangagsipagpabipabilí.*
(12) *Mangagsipagpa- at 2-pu. Mangagsipagpakuhákuhá.*
(13) *Mangagsipagpaka- at 2-h. Mangagsipagpakápakabúti.*
(14) *Mangasipagpati- at 2-h. Mangagsipagpatípatibúhat.*
(15) *Mangagsipagpati- at 1-phu. Mangagsipagpatibútibúlos.*

(V) *Unang Panahúnan ng IN*

(1) *-an at 2-pu. Hatúlhatúlan..*
(2) *Hi—an at 1-phu. Himúhimulmúlan.*
(3) *I- at 2-pu. Ihabólhaból.*

(4) *-in at 2-pu. Pulútpulútin.*
(5) *Ka—an at 1-phu. Kalíkalimútan.*
(6) *Ka—in at 1-phu. Kasákasamáhin.*
(7) *Ma—in at 1-phu. Masámasamaín.*
(8) *Paging—in at 2-pu. Pagíng-dapát-dapátin.*
(9) *Isa- at 1-phu. Isagásagawâ.*
(10) *Ga—in at 1-phu. Ganíganituhín.*

(VI) *Ikalawang Panahúnan ng IN*

(1) *Ika- at 2-pu. Ikabutíbutí.*
(2) *Ikahi- at 1-phu. Ikahimáhimátong.*
(3) *Ikapa- at 1-phu. Ikapahápahámak.*
(4) *Ikapag- at 1-phu. Ikapaghúpaghúsay.*
(5) *Ikapag- at 2-pu. Ikapaghusáyhusáy.*
(6) *Ikapaghi- at 1-phu. Ikapaghimúhimutók.*
(7) *Ikapagka- at 1-phu. Ikapagkásukasundô.*
(8) *Ikapagka- at 2-pu. Ikapagkasundô-sundô.*
(9) *Ikapagpa- at 1-phu. Ikapagpabípabilí.*
(10) *Ikapagpa- at 2-pu. Ikapagpabilíbilí.*
(11) *Ikapagpahi- at 1-phu. Ikapagpahingú-hingúto.*
(12) *Ikapang- at 1-pu. Ikapanglalambót.*
(13) *Ikapang- at 1-phu. Ikapanglapanglambót.*
(14) *Ikapang- at 2-pu. Ikapanglambótlambót.*
(15) *Ikapanghi- at 1-phu. Ikapanghiláhilakbót.*
(16) *Ipa- at 1-phu. Ipagápagamót.*
(17) *Ipu- at 2-pu. Ipagamótgamót.*
(18) *Ipag- at 1-phu. Ipagsápagsáma.*
(19) *Ipag- at 2-pu. Ipagsamásáma.*
(20) *Ipag- at 1-pu. Ipagsasamá.*
(21) *Ipag—an at 2-pu. Ipagtuláktulákan.*
(22) *Ipag—an at 1-phu. Ipagtúpagtulákan.*
(23) *Ipaghi- at 1-phu. Ipaghigáhigantí.*
(24) *Ipagka- at 1-phu. Ipagkapúkapúri.*
(25) *Ipagka- at 2pu. Ipagkapuripurí.*
(26) *Ipagpa- at 1-phu. Ipagpalípalíban.*
(27) *Ipagpa- at 2-pu. Ipagpabukásbukás (ipagpabúkasbúkas).*
(28) *Ipagpaka- at 2-pu. Ipagpakabuyóbuyó.*
(29) *Ipagsa- at 1-phu. Ipagsabúsabulâ.*
(30) *Ipagsa- at 2-pu. Ipagsabulâbulâ.*
(31) *Ipahi- at 1-phu. Ipahinúhinukó.*
(32) *Ipaka- at 2-pu. Ipakabaónbaón.*
(33) *Ipaki- at 2-h. Ipakipakidalá.*
(34) *Ipaki- at 2-pu. Ipakidaládalá.*
(35) *Ipakihi- at 1-phu. Ipakihiláhilámos.*
(36) *Ipakihi—an at 1-phu. Ipakihimúhimulmulán.*
(37) *Ipakipa- at 1-phu. Ipakipasúpasúlat.*
(38) *Ipakipa- at 2-pu. Ipakipasulátsulát.*
(39) *Ipakipa—an at 1-phu. Ipakipatapatámaan.*
(40) *Ipakipa—an at 2-pu. Ipakipatamátamáan.*

(41) *Ipakipag- at 1-phu. Ipakipaglápaglában.*
(42) *Ipakipag-at 2-pu. Ipakipaglabánlában.*
(43) *Ipakipag—an at 1-phu. Ipakipagpalípalítan.*
(44) *Ipakipag—an at 2-pu. Ipakipagpalítpalítan.*
(45) *Ipang- at 1-phu. Ipangbípangbíkas.*
(46) *Ipang- at 2-pu. Ipangbikásbíkas.*
(47) *Ipanghi- at 1-phu. Ipanghimáhimágas.*
(48) *Ipangpa- at 1-phu. Ipangpatápatáas.*
(49) *Ipangpa- at 2-pu. Ipangpataástaás.*
(50) *Pa—an at 1-phu. Patápatamáan.*
(51) *Pa—an at 2-pu. Patamátamáan.*
(52) *Ka—an at 1-phu. Kagakagalítan.*
(53) *Pahi-an at 1-phu. Pahiníhiniksikán.*
(54) *Pa—in at 1-phu. Pasípasigawín.*
(55) *Pa—in at 2-pu. Pasigáwsigawín.*
(56) *Pahi—in at 1-phu. Pahimúhimutukín.*
(57) *Pag—an at 1-phu. Pagdápagdamútan.*
(58) *Pag—an at 2-pu. Pagdamúdamútan.*
(59) *Paghi—an at 1-phu. Paghingáhingalúan.*
(60) *Pag—in at 1-phu. Pagdúpagdusáhin.*
(61) *Pag—in at 2-pu. Pagdusádusáhin.*
(62) *Paghi—in at 1-phu. Paghikáhikayátin.*
(63) *Pagka—an at 1-phu. Pagkagúkaguluhán.*
(64) *Pagkahi—an at 1-phu. Pagkahiláhilataán.*
(65) *Pagpaka—an at 2-pu. Pagpakáabaabaláhan.*
(66) *Pagpakahi—an at 1-phu. Pagpakahimúhimutukán.*
(67) *Pagpati—an at 2-h. Pagpatípatiwakalán.*
(68) *Pag—um—an at 1-phu. Pag-umí-umiyákan.*
(69) *Paka- at 2-pu. Pakalalímlálim.*
(70) *Pakahi- at 1-phu. Pakahimúhimutók.*
(71) *Paka—an at 2-pu. Pakagalínggalingán.*
(72) *Pakahi—an at 1-phu. Pakahimúhimutukán.*
(73) *Paka—in at 2-pu. Pakabutíbutíhin.*
(74) *Pakahi—in at 1-phu. Pakahiláhilahúrin.*
(75) *Pakapa—an at 1-phu. Pakapatápatambakán.*
(76) *Pakapa—an at 2-pu. Pakapatambáktambakán.*
(77) *Pakapahi—an at 1-phu. Pakapahináhinahúnan.*
(78) *Pakapa—in at 1-phu. Pakapalápalalímin.*
(79) *Pakapa—in at 2-pu. Pakapalalímlalímin.*
(80) *Pakapag—an at 1-phu. Pakapagtápagtalúnan.*
(81) *Pakapag—an at 2-pu. Pakapagtalútalúnan.*
(82) *Pakapaghi—an at 1-phu. Pakapaghináhinaingan.*
(83) *Pakapag—in at 1-pu. Pakapagtatakbuhín.*
(84) *Pakapag—in at 1-phu. Pakapagtapagtakbuhín.*
(85) *Pakapag—in at 2-pu. Pakapagtakbútakbuhin.*
(86) *Pakapaghi—in at 1-phu. Pakapaghináhinagpisín.*
(87) *Pakapagka—in at 1-phu. Pakapagkagúkaguluhín.*
(88) *Paki—an at 2-pu. Pakihandúhandugán.*
(89) *Pakihi—an at 1-phu. Pakihiláhilamúsan.*
(90) *Paki—in at 2-pu. Pakidampútdamputín.*
(91) *Pakihi—in at 1-phu. Pakihimáhimaymayín.*

(92) *Pakipa—an at 1-phu. Pakipasúpasundán.*
(93) *Pakipa—an at 2-pu. Pakipasundánsundán.*
(94) *Pakipahi—an at 1-phu. Pakipahiláhilabusán.*
(95) *Pang—an at 1-phu. Panghápanghawákan.*
(96) *Pang—an at 2-pu. Panghawákhawákan.*
(97) *Panghi—an at 1-phu. Panghiláhilamúsan.*
(98) *Pagsa—an at 1-phu. Pagsaúsaulían.*
(99) *Pagsa—an at 2-pu. Pagsahayúphayúpan.*
(100) *Pagsa—in at 1-phu. Pagsapásapagungín.*
(101) *Pagsa—in at 2-pu. Pagsapagúngpagungín.*
(102) *Papag—in at 1-phu. Papagsapagsayawin.*
(103) *Papag—in at 2-pu. Papagsayáwsayawín (papagsa-yáw-sáyawin).*
(104) *Papaghi—in at 1-phu. Papaghimúhimutukín.*
(105) *Papagka—in at 1-phu. Papagkagúkaguluhín.*

F. MGA PANTIG NA KINIKITIL

Malimit mangyaring sa ating pagsasalitâ at maging sa pagsulat man ay may mga pangbadyá tayong ginagamit na sa biglang tingín ay maaaring sabihing hindî nasasaklaw ng ating mga tuntuning tinúkoy dito.

Halimbawà:

Ibig ko ang pansít.
Gusto mo ba ng bagong barò?
Nais kong marinig sana ang isang awit.
Muha ka ngâ ng isang aklát.

Sa mga pahayag na ito, ang mga salitang *ibig, gustó, nais,* at *muha* ay pawang pangbadyá. Subali't waring ang mga ito, dahil sa kanilang anyô, ay hindî nasasakláw ng ating mga tuntúnin. "Warì" ang sabi ko, sapagka't ang katotohanan ay sakláw din sila kung isasaalang-alang natin na sa ating pananalitâ ay malimit tayong magpaiklî ng bigkas.

Ang *ibig* na "Ibig ko ang pansit" ay gáling sa panahong kasalukuyan ng pangbadyang ang unang ayos (*infinitive*) ay *ibigin.* Ano ang anyong pangpanahong kasalukuyan ng *ibígin? Iniibig.*

Samakatwid, ang tumpak na pahayag ay: "Iniibig ko ang pansit." Subali't ito ay pinaiiklî natin sa pamamagitan ng pagkitil sa dalawang unang pantig na *ini.* Kaya: "Ibig ko ang pansit."

Gayon din ang *gusto* at *nais.* Gáling sa *ginugustó* at *ninanáis.* Ang *muha* ay gáling sa *kumuha,* anyô ng pangbadyá sa *ayos pang-útos.* (Imperative mood.)

Sa ilalim naman ng kabatasán ng mabuting pagbigkas ay may mga pantig rin tayong kinikitil, lalû kung ang

isang pangbadyá ay nagdudúlo ng *-an* o *-in*. Ang malimit kitilín sa kalágayang ito ay mga tinig (vowel). Naririto ang isang maikling taláan:

alaalahánin	*alalahánin*
alagataín	*alagatín*
alamín	*almín*
maaláman	*maalmán*
pakialamán	*pakialmán*
alisán	*alsán*
alisín	*alsín*
maalisán	*maalsán*
paalisín	*paalsín*
anohín	*anhín*
batahín	*bathín*
bihasáhin	*bihasnín*
bukahín	*bukhín*
bukasán	*buksán*
bukasín	*buksín (buksí)*
dakipín	*dakpín*
dalahán	*dalhán*
dalahín	*dalhín*
damitán	*damtán*
damitín	*damtín*
dapaán	*dap-án*
datingán	*datnán*
maratingán	*maratnán*
dumihán	*dumhán*
parumihín	*parumhín*
gabihín	*gabhín*
gataán	*gat-án*
halinhinán	*halinhán*
hatirán	*hatdán*
pahatirín	*pahatdín*
hibasán	*hibsán*
higaán	*hig-án*
pahigaín	*pahig-ín*
higitán	*higtán*
higitin	*higtín*
hihípan	*hipán*
hihípin	*hipín*
hingían	*hing-án*
hingiín	*hing-ín*
ibisán	*ibsán*
ibisín	*ibsín*
igibán	*igbán*
igibín	*igbín*
paigibín	*paigbín*
kalabitín	*kalbitín*
kilalánin	*kilanlín*

kuhánan	*kúnan*
kuhánin	*kúnin*
labasán	*labsán*
palabasín	*palabsín*
lakihán	*lakhán*
palakihín	*palakhín*
ligisín	*ligsín*
lugurín	*lugdín*
kalugurán	*kalugdán*
palitán	*paltán*
pagpalitín	*pagpaltín*
pagpalitpalitin	*pagpaltínpaltín*
patirán	*patdán*
patirín	*patdín*
pigílan	*piglán*
pigílin	*piglín*
putúlan	*putlán*
putulín	*putlín*
samaín	*sam-ín*
masamaán	*masam-án*
masamaín	*masam-ín*
tabaán	*tab-an*
patabaín	*patab-ín*
tabasán	*tabsán*
tabasín	*tabsín*
talikurán	*talikdán*
tikimán	*tikmán*
patikimán	*patikmán*
patikimín	*patikmín*
tinginán	*tingnán*
patinginán	*patingnán*
patinginín	*patingnín*
tubusín	*tubsín*
upuán	*up-án*
paupuín	*paup-ín*
walaín	*wal-ín*
mawalaán	*mawal-án*
walisán	*walsán*
papagwalisín	*papagwalsín.*

IV. PANGHULING SALITÂ

Bago bigyáng wakas ang panayam na ito ay tulutan ninyong uburin ko ang diwà ng mga bagay-bagay na ilinahad sa pagsusurì tungkol sa panahúnan ng mga pangbadyáng Tagalog.

Una: Ang kabuuán ng mga panglaping itinalâ ko sa boong panayam na ito ay 371,—168 ang lantay na panglaping ikinakabit sa mga ugat na hindî nagbabago, at 203 ang mga unang ayos ng panglapì at ugat na may kakaibang anyô.

Ikalawa: Sa panahúnan ng mga pangbadyáng Tagalog ay walang kinalamán sa pagbabago ng mga anyô ang tinatawag na tingig (voice), ayos (mood), kausapán (person), at kailanán (number). Ang tanging may kinalamán sa pagbabago ng anyô ng pangbadyá ay ang panahon (tense) at dahil dito kayâ PANAHÚNAN ang katawagán kong ginamit sa pagtutumbás sa "conjugación" sa Tagalog.

Ikatlo: Na aanim lamang ang paraan ng panahúnan ng mga pangbadyáng Tagalog, at sa anim na paraang ito ay maaari nating ipailalim ang alin mang pangbadyáng Tagalog kung papanahunín din lamang.

Ikapat: Ang lahat ng mga pangbadyáng Tagalog ay maaarì nating pagbukudbukurín, upang madaling mawatasán at maalwang mapag-arálan, sa tatlong tumpók,—ang mga pangbadyáng UM sa unang tumpok, ang mga pangbadyang MA, MAG, MANG sa ikalawang tumpók, at ang mga pangbadyáng IN sa ikatlong tumpok. Ang mga UM ay may iisang paraan ng panahúnan, ang mga MA, MAG, MANG ay may tatlo, at ang mga IN ay may dalawa.

Nais ko ring itala rito na ang 371 urî ng mga pangbadyáng ilinahad ko ay maaarì pa marahil madagdagan. Kaipala ay marami sa mga nakikinig sa akin ang magkakahilig na magpatuloy sa akin nang nagawang pagsaliksik, at harì nawang sa ngalan ng ating dakilang wikà ay makarating tayo sa sandaling ang ningníng ng Wikang Pangbansang Pilipino ay boong dalisay na nakadambanà sa pusò ng lahat at bawa't isang mamamayan sa Perlas ng Silangan.

BILANG NG ANYÔ NG MGA PANGBADYÁNG TAGALOG

Paraan ng panahúnan	Anyong lantay	Anyong kakaiba	Kabuúan
1. UM	2	2	4
2. Unang MA, MAG, MANG	17	24	41
3. Ikalawang MA, MAG, MANG	52	47	99
4. Ikatlong MA, MAG, MANG	14	15	29
5. Unang IN	10	10	20
6. Ikalawang IN	73	105	178
Mga kabuuán	168	203	371

o